LIES OF SUMMER SAMPLE
MY BUMBLING BEE
CEO HIRES A WIFE


LIES OF
Summer
ROSE TAN

# LIES OF *Summer*



ROSE TAN

# Chapter 1

*1999*

Hindi pa man naididilat ni Summer nang husto ang mga mata, kinakapa na niya ang pinakaimportanteng bagay sa buhay niya.

Hindi niya makapa.

Sinaklaw siya ng takot. "Ang cell phone ko…" Pinag-iitsa niya ang mga unan. "Ang cell phone ko!" Hinaltak niya ang kumot na nahihigaan pa niya, hindi mahaltak kaya tuluyan na siyang bamalikwas. "Aray!" Nauntog siya sa second deck ng kama. Pero bale-wala ang sakit. May mas nakahihigit na krisis. "Nasaan `yon?"

Bumaba na siya ng higaan, ipinagpag ang kumot sa ibabaw ng kama, maingat para kung tumalsik man ang cell phone, hindi masisira.

Pero hindi nabalot sa kumot ang cell phone. Ipinagpag na rin niya ang kutson. "Bakit wala? Nasaan?" Baka nahulog sa side? Kailangan niyang hilahin ang kama palayo sa dingding. Hinila niya ang double deck sa hagdan niyon, bahagya lang gumalaw ang higaan dahil nakahiga pa sa itaas si Rain.

Nagising ito sa paggalaw ng higaan at sa nakapapangilong ingay na likha ng metal na kumaskas sa tiles ng sahig. Wala nang goma ang mga paa ng kama nila.

"Ano ba, Ate?" angil ni Rain.

"Bumaba ka d'yan!" singhal naman ni Summer sa nakababatang kapatid. Kandahaltak pa rin siya sa hagdan at haligi ng kama. "Bilis!"

"Natutulog pa `ko, eh—"

"Saglit lang, may titingnan lang ako!" Nakalikha na siya ng maliit na espasyo sa pagitan ng kama at dingding. Lumipat siya

doon at pinagkasya ang sarili sa espasyo. Gamit ang dingding bilang suporta sa likod niya, itinulak niya ang kama. Muli iyong lumikha ng nakakairitang ingay.

“Ateeee, ang sakit sa tainga!” reklamo ni Rain. Akala mo ay babae kung tumili. OA pa ang pagtatakip ng tainga.

“Ayaw mong bumaba d’yan, eh!” Na-expose ang mga nakatambak na kahon sa ilalim ng kama, pati na rin ang mga agiw at alikabok. Itinulak ni Summer ng paa ang isang kahon. “Yaay!” May tumakbong bubuwit. Nalaman na rin niya kung saan napunta ang hairbrush niya, ang kapares ng isang medyas—butas na, kinain ng bubuwit—pati na rin ang baseball cap ni Rain.

Pero sa dami ng missing objects na naroroon pala, wala man lang siyang nakita na korteng Nokia 3210!

“Ang cell phone ko? Rain! Bumangon ka, baka nasa `yo!” Kinalog niya ang kama. “Bumaba ka muna, please lang!”

"Wala sa `kin!" Humiga uli si Rain at nagtakip ng unan sa mukha.

"Mama!" Lumabas si Summer ng silid na kaharap ng kanilang kusina. "Ma! Si Tito Nel?" tanong niya sa ina na mukhang kararating lang galing sa pamamalengke. Nakatambak ang mga sando bag sa mesa. Kinakasama ng kanyang mama si Tito Nel, ama ni Rain.

"Tulog pa, bakit?"

"*Peram* ng cell phone niya, tatawagan ko lang ang cell phone ko, hindi ko makita, eh."

"Ahmm," usal ng kanyang mama. "Ano kasi, ahmm, hiniram ko muna."

"Ang cell phone ko?!" Lalo siyang kinabahan. Hindi maganda ang isinasaad ng facial expression ni Simeona.

"May screening si Rain ngayon, `di ba?" anang mama niya. "Kailangan ko ng pera. Pamasahe, pangkain. Dinala ko muna kay Buniknik ang cell phone mo. Kukunin ko naman pagsuweldo ni Nel."

Gumuho ang mundo ni Summer. "Bakit

cell phone ko?! Ba't hindi `yong kay Tito Nel?" sigaw niya. "Mama naman!" Hindi niya alam kung ano ang uunahin, ang umiyak o magdabog o manumbat. Ginawa na lang niya nang sabay-sabay. "Para namang makakapasa sa screening `yang si Rain n'yo! Nagsasayang ka lang ng pera! Alam mong importante sa `kin ang cell phone ko! Si Rain na lang lagi ang inuuna mo! Si Rain lang ang mahalaga sa `yo!"

"Hindi naman sa ganoon, Summer. Ang sa akin lang, baka sakali. Aba, kung ma-discover ng ABS-CBN ang kapatid mo, de tayo rin ang makikinabang, `di ba? Ayaw mo bang sumikat ang kapatid mo?"

"Pa'no sisikat `yon? Pa'no madi-discover `yon?" Oo nga at matangos ang ilong, malalim ang mga mata, at maputi ang half-brother niya, pero... "Ano ba'ng talent no'n? Hanggang ngayon, hindi n'yo pa alam na walang alam `yon? Tigilan mo na `to, Mama! Akin na'ng cell phone ko! Ibalik mo!"

"Ang boses mo! Baka magising si Nel!"

sigaw na rin ng kanyang mama.

"Paki ko! Ang cell phone ko, Mama! Bawiin mo na kay Buniknik, ngayon na!"

"Gagamitin ko nga ang pera!"

"Wala namang mangyayari sa lakad n'yo! Pang-ilang screening na `yan? Pang-ilang audition?" At itinodo ni Summer ang sigaw. "Ang cell phone ko, Mama!"

Pinamaywangan at dinuro na siya ng ina. "Makaangal ka d'yan! Kanino ba galing `yon? Sa `kin din, `di ba? `Tapos ipagdadamot mo `pag kailangan ng kapatid mo? `Sama ng ugali mo, Summer. Magbago ka!" sumbat nito.

Umagos ang luha ni Summer. "Hanggang ngayon, naglalaba ako at namamlantsa para sa cell phone na `yon! Hindi mo `yon binigay dahil binabayaran ko sa pagiging katulong sa pamamahay na ito! Wala kang karapatan na isangla `yon basta-basta! At ba't `pag si Rain ang *me* kailangan, bigay ka ka'gad?"

"Kailan nangyari `yan, aber? Dahan-dahan ka sa pananalita mo, baka hindi mo kayang

patunayan," hamon ni Simeona.

"No'ng kailangan ko ng rubber shoes para sa tryout sa basketball, sabi mo wala kang pambili! Pero kinabukasan, may Jordan si Rain!" Peke naman, pero hindi iyon ang punto niya.

"Si Nel ang bumili no'n!"

"De sana, hiniram mo muna ang pambili para may rubber shoes ako!"

"Bakit ko naman uunahin ang rubber shoes mo, eh, alam ko naman kung bakit gusto mong mag-tryout? Gusto mo lang lumandi sa crush mong varsity! Tigilan mo `ko, Summer. `Yong kapatid mo, seryoso sa pangarap, hindi kagaya mo na gusto lang umalembong!"

"Seryoso daw." Inismiran ni Summer ang ina. "Ikaw lang ang seryoso na pag-artistahin `yon. Trying hard ka!

Parang kidlat ang kanyang mama. Nakita na lang niya na nasa harap niya at hindi na siya nakailag nang sungalngalin siya nito. "Sobra ka na! Impakta ka! Wala kang galang!"

sigaw nito sa kanya.

Parang nakalog ang front teeth niya pero pinigilan niyang tutupin ang bibig, bagkus ay tiningnan niya nang matalim ang ina. “Kung buhay ang Papa, hindi mo magagawa sa `kin `to. Tatamaan ka,” aniya.

Dinutdot lang ng kanyang mama ang noo niya. “Kaso nga, patay na ang magaling mong ama, walang kukunsinti sa ugali mong `yan!”

At hindi rin totoo ang multo. Kung totoo iyon, noon pa sana nagmulto ang kanyang papa. Noon pang pumatol si Simeona kay Nelson at sinimulan na siyang bale-walain ng ina. Noong una, dahil lang kay Tito Nel. Ang laging sinasabi noon kapag nagrereklamo siya, kailangan daw unahin lagi ang kinakasama dahil mahirap daw kapag walang lalaki sa bahay. Nang dumating si Rain, mas nabale-wala pa siya. Parang hindi na siya anak kung tratuhin ni Simeona.

Hindi rin totoo na nagiging anghel ang mga yumaong mahal sa buhay para maging gabay ng mga naulila. Kung naging anghel

ang kanyang papa, bakit nagagawa siyang apihin ng sarili niyang ina?

Tinalikuran na lang niya ang ina at pumasok sa banyo. Maski man lang sa pamamagitan ng paruparong itim, hindi nagpaparamdam ang kanyang papa. Kinalimutan na rin siya. Wala siyang kakampi.

“`SUNOD na lang ako sa tent,” sabi ni Summer sa kaklase at kabarkadang si Mitzie paglabas nila ng classroom para sa lunch break. Lunes iyon.

“Saan ka pupunta?” tanong ni Mitzie, halos pabulong dahil bawal silang mag-Tagalog at hindi nito taglay ang lakas ng loob na mayroon siya. Nagta-Tagalog siya maski sa harap ng principal. Na-reprimand na siya at pinarusahan sa pamamagitan ng pagdadala ng mga gamit ni Madam Principal sa library. Hindi pa siya makapaniwala noon na ganoon lang pala ang parusa. Ni hindi siya nahirapan, hindi napahiya. Bagkus, nadagdagan ang

tagahanga niya sa school.

Kinder pa lang siya nang matutuhan niya ang totoong sistema sa eskuwelahan: unahan ng sindak. Kapag nagpahuli ka, patay ka sa bullies. Kaya simula't sapul, nagpakita na siya ng tapang. Matapang, palaban, salbahe—iyon ang naging reputasyon niya sa eskwelahan. Ang ibig sabihin niyon, maraming gustong makibarkada sa kanya.

"Tsetsek ko lang si Rain, sira ang t'yan kanina," sagot niya at bago pa magtaka si Mitzie kung bakit bigla siyang naging concerned sister, humiwalay na si Summer sa kaibigan, sa kabilang hagdan siya bumaba.

Sa grade school building nga siya tumuloy pero hindi para tingnan ang kapatid. Paki niya kay Rain? Sa canteen siya nagtungo dahil alam niyang doon kumakain si Alexa, fourth year na rin at kaklase niya dati. Anak ito ng grade school teacher, at may credit line siguro sa grade school canteen kaya doon kumakain.

And sure as the sun is hot, papasok pa lang siya sa canteen, kinakawayan na siya ni Alexa,

halatang very eager at very thrilled na makabonding siya. Gusto niyang maawa sa babae, kaso lang mas nakakairita kaysa nakaawa. Hindi naman pangit, tama lang ang pangangatawan, walang putok, walang halitosis, parang walang dahilan para maging friendless. Pero iyon si Alexa. Laging handang tsumika, laging handang sumaklolo pero walang katropa.

"Hi," bati niya sa babae.

"Hi to you, too. Kakain ka ba? Bakit ka nandito? `Asa'n sina Mitzie?"

Sinenyasan niya ito. "Sshh, someone might hear you speaking in Tagalog." Naupo si Summer sa tabi ni Alexa.

Tumawa ito. "Sus. `Kala mo ikaw lang ang may lakas ng loob mag-Tagalog dito?"

Iyon siguro ang problema kay Alexa kaya hindi manalo ng Miss Friendship. Kung sino ang kaharap, iyon din ito. Kung madasalin ang kasama, mas magaling ito manalangin. Kung salbahe naman, mas salbahe ito. Kung ano ang totoong Alexa, malay ba niya.

"`Sabagay," sang-ayon niya at umastang nakahanap ng soul mate. Kayang-kaya rin niyang maging plastic.

"Kumain ka na ba?" tanong uli ni Alexa.

"Hindi pa—shit, hindi ko dala ang wallet ko. `Di bale na, mamaya na lang, saka kakausapin ko muna `yong adviser ng brother ko." Tumayo siya.

"Bababa na rin naman sina Teacher, hintayin mo na lang. Ioorder na lang muna kita. Ano'ng gusto mo?" Hindi pakakawalan ni Alexa ang chance na makasabay si Summer sa lunch.

"Sige na nga. Katamad din kasi umakyat sa faculty, eh." Naupo uli siya. "Fried chicken at chop suey."

"Wait lang, ha."

Wala pang five minutes, bumalik si Alexa sa mesa, ibinaba ang lunch niya.

"Bakit kakausapin mo ang adviser ng kapatid mo?" tanong nito.

"Mataray daw, eh. Gusto kong makaharap at nang malaman kung gaano siya kataray.

Alam mo naman tayo, `di ba? Papayag ba tayo na may mas mataray sa `tin?"

Kandatango si Alexa. "Talaga." At nagkuwento ito tungkol sa teacher diumano na sinagot nito nang pabalang noong kamakalawa. Umarte siyang bilib na bilib kahit alam niyang imbento lang ng kausap ang sinasabi. "`Kala kasi nila porke teacher sila..." sabi pa nito na parang hindi guro ang nanay.

"Sinabi mo pa!" sang-ayon kuno pa rin ni Summer. "At si Miss Joy sa computer, malapit na ring makatikim sa `kin `yon, `kala mo. Ang yabang-yabang. Sinigawan ba naman ako kasi hindi ko kabisado ang keyboard. Kailangan bang kabisaduhin `yon? Gaga ba siya na *pagtataypin* tayo na nakapiring?"

"Oo, nga, buwisit rin ako kay Miss Joy," tango ni Alexa.

"Buti ka nga, magaling sa computer, at least," puri naman niya kay Alexa.

"Kaso asar ang teacher. Ang baba ko nga sa practical test, grabe. Nahuli kasi akong

naninilip sa piring."

"Kasi nagpiring ka pa, magaling ka naman sa computer—oy, teka pala!" bulalas ni Summer kunwari. "Speaking of computer, may problema ako, eh. Kailangan ko pala ng computer kaso nasa computer lab natin si Miss Joy. Do'n na yata nakatira ang pangit na `yon. Puwede kayang makigamit dito sa grade school?"

"Hingi tayo ng permit, kausapin ko si Mommy." Hindi rin palalampasin ni Alexa ang pagkakataong maging importante.

"`Asan ba ang mommy mo?" tanong ni Summer.

"May kausap pa na parent, eh. Nasa Guidance sila."

"Naku, pa'no kaya? Kanino ba humihingi ng permit?" aniya, pagkatapos ay umisod palapit kay Alexa at bumulong, "Puwede bang pasukin na lang natin?" Taas-baba ang kilay niya at may kasamang ngisi, para maging exciting ang dating ng suggestion niya.

"Hmm, puwede... Ah, `pag may sumita sa

`tin, sasabihin ko na lang may pinapagawa si Mommy. Ano ba `yong gagawin mo?"

"Basta. Mamaya."

"MAGKANO daw?" tanong ni Tito Nel habang nagbubutingting ng segunda-manong kotse sa harap ng bahay.

Nakatayo sa may hamba ng pinto si Simeona, hawak ang form na nakuha sa bag ni Rain. "Two thousand daw, eh. Mahal naman."

"Kasi, Mama, dadayo sila sa Alabang, aarkila pa ng van, `tapos may bayad din ang venue. Kung namamahalan ka, de `wag mo nang pasamahin si Rain," sabad ni Summer, nagre-review siya kunwari ng leksiyon sa balkonahe. "Sayang nga lang `yong soccer shoes na binili mo. Saka sosyal `yong Ayala Alabang, `di ba?" dagdag niya.

"`Sabagay," anang mama niya. "Maganda naman doon sa Alabang, saka mga taga-La Salle at Ateneo ang makakalaro nina Rain. Ano, Nel? Payagan natin?"

"Siyempre naman, mga big shot ang mga tao do'n," sagot ni Stepfather na hindi naman halatang mayabang. Tinakpan ni Summer ng textbook ang bibig para itago ang ngisi niya.

"May pera ka?" tanong ni Simeona sa kinakasama.

"May three thousand pa `ko sa wallet, kunin mo na ang two."

*Yes!* Pigil na pigil ni Summer ang halakhak niya. Totoo ang form, totoo ang football event nina Rain sa Alabang, totoo ang petsa kung kailan iyon gaganapin, totoong may hinihinging kontribusyon ang school.

Ang hindi totoo, iyong amount ng kontribusyon. Five hundred pesos lang ang nasa original form. Pero ang hawak ng kanyang mama, peke. Iyon ang ipinagawa niya kay Alexa sa computer lab ng mga grade school.

Nakita niya sa bag ni Rain ang original consent form nang nakaraang gabi. Hindi pa naipapakita ni Rain sa kanilang mama dahil makakalimutin ito at sa totoo lang, hindi

naman interesadong mag-soccer. Dahil ang totoo at ewan kung bakit hindi nakikita ng kanyang mama at Tito Nel, pagdo-drawing lang ang trip ni Rain. Minsan, kawawa rin ang kapatid niya, naisip ni Summer. Napipilitan lang lagi si Rain na sundin ang gusto ng kanilang mama at ama nito.

Itinago muna ni Summer ang nakitang form dahil naisip niyang pagkakitaan iyon para matubos niya ang kanyang 3210. Pagdating niya sa bahay kanina, ipinatong niya ang pekeng form sa tabi ng bag ni Rain para makita agad ni Simeona. At nakita nga.

Nagprisinta siya. "Ako na lang ang magdadala sa school ng pera, mama. Baka maiwala ni Rain, sayang ang two thousand ni Tito, pinaghirapan niya `yan," aniya bago kunin ng ina ang pera sa silid.

Nang gabi ring iyon, natubos niya ang cell phone kay Buniknik, one thousand pesos isinangla ng kanyang mama. May isang libo pa siya. Ang five hundred, iyon ang ibabayad niya sa event ni Rain. Iyong totoong form

siyempre ang isusumite niya pero ang lagda ng kanyang mama, pineke na niya. May extra pa siyang five hundred pesos.

*Para-paraan lang `yan.*

Hindi siya nakokonsiyensya sa panloloko sa kanyang mama at stepfather dahil obvious naman na kapag si Rain ang may kailangan, may lumalabas na pera. Kapag siya, walang-wala lagi.

Isa pa, hindi siya nakokonsiyensya dahil mas masidhi ang pangangailangan niya sa cell phone. Naroroon ang buhay niya. Naroroon ang kaligayahan niya.

Because she was sixteen.

And she was in love.

# Chapter 2

Kung hindi lang kaharap ni Owen sa locker room ang mga teammate, baka nagsisigaw na siya sa tuwa. Sa wakas, hindi na siya maiiwan ng sibilisasyon. May cell phone na rin siya! Kahit segunda-mano lang ang hawak niyang Nokia 3210 at hindi niya gusto na pinalitan ni Jason ng asul na plastic ang orihinal na casing, masaya pa rin siya at hindi na makapaghintay na makapag-text.

"May load pa \`ko d'yan, \`tol," sabi ni Jason Dy na abala naman sa bagong 8210, maliit na version ng 3210. Walastik. Dadating siguro ang araw, kasinlaki na lang ng mga disposable lighter ang mga cell phone. Paliit nang paliit.

Nakakamangha ang technology.

Mas gusto sana ni Owen iyong 8210, dahil sino ba ang may ayaw sa latest? Kaso nasa nine thousand pesos pa daw ang halaga, malabong mabili ng kagaya niyang nakakapag-aral lang dahil sa scholarship.

"Hindi mo na kukunin ang SIM?" aniya kay Jason.

"Nagpalit ako, `dami nang nakakaalam ng number, eh. Gamitin mo na muna ang load bago mo palitan ang SIM kung gusto mo."

"Okay na `to." Mas mabuti nga na may SIM card na ang cell phone dahil hindi siya basta-basta makakabili ng SIM card. Nasa three hundred pesos pa iyon. Magkano lang ang baon niya araw-araw? Singkuwenta. Minsan, kuwarenta, treinta...

"Binura ko na lang `yong ibang contacts," sabi pa ni Jason.

Iniisa-isang basahin ni Owen ang mga pangalan sa phonebook. Mga kaklase nila, teammates, at schoolmates ang naroroon. Kapansin-pansin na mas marami ang babae sa

listahan pero hindi kataka-taka iyon dahil lahat na yata ng pogi points, ibinigay ni Bathala kay Jason.

"Puwede ko bang gawing textmate `tong mga chicks dito?" biro ni Owen.

Tumawa si Jason, lalong sumingkit ang tsinito. "Kaya nga hindi ko binura. `Wag mo munang sabihin na hindi na akin `yang number para marami kang textmates," sabi pa nito.

"Pinasa mo lang yata sa `kin ang mga stalkers mo, eh."

Nakipag-high-five sa kanya si Jason. "Kaya mo `yan, `tol."

"Gago." Isinilid niya sa backpack ang cell phone. "`Una na `ko, `tol, gagawa pa `ko ng project."

"Puwede ka namang hindi gumawa no'n."

Dahil may ibubuga naman siya sa basketball maski paano, at siya ang pinakamaraming puntos na nagawa sa nakaraang Palarong Pambansa, bukod sa silang Archangels ang tinanghal na kampeon,

kahit hindi niya pasukan lahat ng subjects niya, siguradong ipapasa siya ng mga propesor. Kaso lang, bagaman hilig niya ang basketball, hindi iyon ang gusto niyang maging career. Tuntungan lamang niya ang paglalaro para magkaroon ng kinakailangang edukasyon. Mas makasisiguro siya sa kanyang kinabukasan kung seseryosuhin niya at tatapusin ang Com Sci. Isa pa, fascinated din talaga siya sa computers. Mukhang doon nakasalalay ang kinabukasan ng buong mundo at parang walang limitasyon ang kayang gawin ng tao sa pamamagitan ng Internet.

Muli siyang nagpaalam kay Jason. "`Una na `ko."

"Practice bukas, `tol. Alas-otso," bilin nito.

"Noted." May mga high school girls na aali-aligid sa labas ng locker room. Napailing na lang siya. "Isa-isa lang, ha. Mahina ang kalaban sa loob," aniya sa mga ito.

Nagbungisngisan ang mga babae, mga seniors siguro dahil ang mga ito lang ang may

sapat na lakas ng loob na dumayo sa college campus. Mas matulis na ang mga sungay, kumbaga. Alam niya dahil ganoon din siya noong high school.

"Nasa shower si Jason?" tanong ng isa sa mga babae, may kasamang bungisngis.

"Kasalukuyang nagsasabon," sagot ni Owen. Nagtilian ang girls. "Kayo, ha. Ambabata n'yo pa."

"Papa-autograph lang kami."

"Sa `kin, ayaw n'yo?" biro niya. Kahit siya ang MVP, mas maraming tumitili kay Jason, maka-shoot man iyon o hindi. At pagkatapos ng laro nila, mas dinudumog din si Jason.

"Ayawwwww," koro ng mga iyon.

"Sabi ko nga," aniya at iniwan na ang mga babae.

Dahil excited sa kanyang cell phone, pagkasakay niya ng jeep, agad niya iyong kinuha sa backpack. Mas na-excite pa siya nang makitang may dalawang text messages. Ang una, galing kay Jason mismo, business card ng bago nitong numero. Ang pangalawa,

galing kay…

Summer.

*Jst wnt 2 say hi.*

May drawing pang puso gamit ang pinagdugtong-dugtong na mga linya at symbol.

Sino si Summer? Malamang, isa sa mga fan ni Jason. Nice name. Summer. Totoong pangalan kaya iyon? At sigurado kayang babae? Alam nilang lahat na hindi lang chicks ang fans ni Jason, marami ding bading. Baka naman mga bading ang iniwan ni Jason sa phone book? *Gago, `yon, ah.* One way to find out—sagutin ang text message ni Summer.

*Hi, How r u?*

Nag-aabot siya ng bayad sa tsuper nang mag-vibrate sa isa niyang kamay ang 3210. Mukhang madaming load si Summer.

*Baka nga bading `to, putsa.*

*Cnt beliv u replied. U made me soooo hapi!!!* May kasamang sangkatutak na *:)* ang text message.

Paano ba masasabi sa text message kung

bading o totoong babae ang nagpadala?

De tawagan.

Tsinek muna ni Owen ang numero kung pareho sila ni Summer ng network, pagkatapos ay nag-balance inquiry. Nagulat siya dahil mahigit two hundred pesos pa ang load na iniwan ni Jason. Kunsabagay, mayaman ang tsinitong iyon, may chain of motels ang pamilya sa kanilang lalawigan.

Idinayal niya ang numero ni Summer. Kalahati pa lang yata ang ring, sumagot na.

"`Ello?" Babae! At sa bilis sumagot, imposibleng ipinasa muna sa iba ang cell phone kung bading iyon. Babae si Summer, ramdam ni Owen.

Pero, *end call*. Dahil kinabahan siya. Ano ang sasabihin niya? Baka hindi na siya kausapin kapag inamin niyang hindi siya si Jason.

Biglang nag-vibrate uli ang cell phone. Panibagong text message mula kay Summer.

*Y did u col?*

*Um…* Nag-type ng reply si Owen.

*Jst checking if ur a girl.*

"Kanto ng Sambong!" tawag ng tsuper.

Kinatok ni Owen ang bubong ng jeep at bumaba. Nagba-vibrate na naman ang cell phone niya. Isinilid na muna niya iyon sa bag dahil tatawid pa siya at maglalakad papasok sa kanilang subdivision. May mga traysikel na nakapila sa gate pero Oplan Super Tipid siya sa mga panahong iyon. Wala na siyang ipon dahil pinambili na niya ng cell phone at gusto niyang makaipon uli kahit paano kaya maglalakad siya kahit nasa phase two pa ang bahay nila. Parang isang buong subdivision ang tatawirin niya bago makauwi.

Proyektong pabahay ng gobyerno noong seventies ang Bagong Sikat Homes. Para iyon sa mga kawani ng gobyerno kabilang na ang mga public school teachers gaya ng inay niya. Identical na mga bungalow ang mga bahay noong una at kahit paano ay mababakas pa iyon kung pagmamasdang maigi ang bawat bahay. Sa paglipas ng mga taon, kanya-kanya nang pa-extend ang mga homeowners,

mayroon nga na umabot na sa tatlong palapag ang bahay. Iba-iba na rin ang kulay. At sa bawat kanto, may sarisari store.

Sa Bagong Sikat na nagkamalay at lumaki si Owen kaya halos lahat ng tagaroon, kakilala niya at kaibigan. Hindi puwedeng hindi siya hihinto sa basketball court na literal na nasa kalagitnaan ng phase one. Walang ipinagkaiba sa ibang araw maliban na lang kung bumabagyo, may naglalaro sa court at maraming kalalakihan, bata at matanda na nakaistambay sa paligid niyon, nanonood, nagpupustahan.

"Balik ka mamaya, `tol, wala si Mong," yaya sa kanya ni Benok.

"Sina Polo pala `yan, eh. Kayang-kaya n'yo `yan," tukoy ni Owen sa kalabang team ng mga kababata niya. Para siyang nagdilang-anghel, naagawan ng bola si Polo at animo may spring sa paa ang pinasahan ng umagaw, ang taas ng lundag gayong hindi naman masasabing matangkad.

Iyon ang basketball Pinoy version, mas

maraming aksiyon sa ere kaysa sa grounds dahil nga hindi naman matatangkad ang Pinoy.

"`Subukan kong makabalik, `tol," sabi niya kay Benok. Totoong interesado siyang maglaro din dahil mainit ang laban sa court, may pustahan iyon at may tsansa siyang kumita.

Pero may project siyang tatapusin at Lunes kaya may mga tinuturuan sa kanila ang kanyang inay. May sideline ito na tutorial service kapag MWF. Kailangang kumayod ng ulirang biyuda dahil nasa kolehiyo na rin ang kapatid niyang si Daniella, pero hindi scholar na kaparis niya. Ang bunso, si Arjo, graduating sa elementarya at sa Christian Life din gustong mag-high school. Hindi ito matanggihan ng kanilang mama at ang solusyon, kumayod hanggang makakaya.

Nagpaalam si Owen sa mga katropa sa basketball court at may kinse minutos pa ang nilakad niya bago makarating sa kanilang bahay. Bukod-tangi ang kanilang bungalow

na hindi in-extend. Ang tanging naidagdag ng magulang niya ay ang bakod at gate. Huling na-repaint iyon noong grade five pa lang siya at buhay pa ang kanyang ama. Ngayon, kupas na kupas at bakat-bakat na ang berdeng pintura.

Humihingi na ng major repairs o renovation na mismo ang kanilang bahay. Laging may tulo sa kisame kapag malakas ang ulan, regular na nagbabara ang lababo, may mga outlet na biglang dumidiklap. Ang pangako niya sa ina, home improvement ang una niyang project sa sandaling magkatrabaho siya na maganda.

"Kuya Owen!" bati sa kanya ng tatlong estudyante ng kanyang mama. Nasa salas ang mga ito, nakaupo sa sahig, nakapalibot sa coffee table, nagsasagot ng mga Xeroxed test questions na inihanda ng kanyang inay.

"Si Teacher n'yo?" tanong niya.

"Nagpasok ng sampay." Ang batang babae ang sumagot.

Lumabas naman buhat sa isang silid ang

kanyang inay. Nagmano siya dito.

"Kunin mo na lang ang mga damit mo sa loob, mamaya ko na titiklupin."

"Kay Dani mo na lang patiklop. Ano'ng lulutuin ko?" tanong niya. Kaya hindi siya sigurado kung makakabalik siya sa basketball court, siya ang tagaluto kapag busy ang ina.

"Ilaga mo `yong buto-buto at iprito mo ang galunggong, lahatin mo na, ha. Sasarsahan ko na lang `yong kalahati bukas ng umaga sa almusal."

"Noted." Pumasok siya sa silid nila ni Arjo. Wala ang kapatid niya, pero hindi na bago iyon. Pagkarating nito galing school, magbibihis lang at lalarga na uli para makipaglaro. Ganoon din siya noon. At kaparis din niya, uuwi si Arjo ng alas-sais maski hindi tawagin dahil may disiplina sila—disiplinang hindi nila natutuhan sa pamamagitan ng bulyaw o pananakit ng magulang.

Nagpalit siya ng pambahay na damit at tsinek uli ang cell phone. May dalawa nang

messages si Summer.

*Im a girl. Even Summer is my real name,* ang unang text.

*Can we be frnds?* ang pangalawa.

Nag-reply si Owen, *Ano course mo summer?*

Secret daw kaya nag-text uli siya, *I don't like secrets summer.*

Kinatok siya ng kanyang inay sa silid. "Magsaing na, anak. At `yong buto-buto, isalang mo na nang lumambot ang laman, ayaw ni Dani ng galunggong."

"Yes, Mother." Nag-text uli siya. *Txt u l8r, summer.*

At hindi na siya makapaghintay sa "later."

Exciting palang magkaroon ng textmate, at mukhang okay naman si Summer. Sasabihin na ba niya na hindi siya si Jason, o hindi muna?

# Chapter 3

Hatinggabi na, kinikilig pa rin si Summer at hindi mabitaw-bitawan ang cell phone kahit alam niyang malabo nang mag-text si Jason sa oras na iyon. Gusto lang niyang basahin nang paulit-ulit ang mga text messages ng lalaki.

Lahat ng iniisip niya at pinaniniwalaan tungkol kay Jason, totoo pala at higit pa. Marami ang nagsasabing suplado raw at mayabang si Jason, siguro daw ay lumaki na ang ulo. Hindi siya naniwala doon dahil paano magiging suplado ang lalaking tila laging nakatawa ang mga mata? Ang sabi pa niyong nagbigay sa kanya ng number ni Jason, huwag na raw siyang umasa na sasagutin ng lalaki ang text niya. Sayang lang daw ang load. Pero heto at text friends na sila ni Jason, dahil nag-reply ito sa pangatlo pa lamang niyang text message. Muli niyang binuksan ang inbox.

*Gudnyt summer. Don't let d bedbugs bite.*

Iyon ang pinakahuling text message ni Jason. May gagawin pa raw itong project at magre-review para sa isang exam. Ibig sabihin, mali rin iyong mga nagsasabing iresponsable daw sa pag-aaral ang lalaki dahil basketball, barkada, at pagpapa-cute lang daw ang inaatupag. Mabuti na lang, hindi siya mahilig maniwala sa mga sabi-sabi.

Ang problema lang niya, nagsinungaling siya kay Jason. Natakot siyang sabihin ang totoo na high school pa lang siya. Baka hindi siya seryosuhin. Baka isipin, masyado pa siyang bata, isip-bata. Ayaw namang pumayag na "secret" ang sagot niya.

Kaya nagpanggap siyang second year college at HRM ang kinukuhang kurso. Tila ikinatuwa naman iyon ni Jason at nagbiro pa sa text, masarap daw siguro siyang magluto kaya tinanong niya kung ano ang paborito nitong pagkain. Ang sagot, na nagpahalakhak sa kanya: *Pritong GG.*

*Sosyal talaga.*

Dahil iyong mga hindi totoong sosyal at hindi naman talaga mayaman, kagaya ng kanyang Tito Nel at pamilya niyon, galit sa galunggong. Cheap daw at kesyo nakaka-allergy. Iyon pala, sawa na sa galunggong dahil iyon lagi ang ulam.

Samantalang si Jason, paborito ang GG. May special place sa heart dahil totoong yayamanin, minsan lang nakakatikim ng GG.

*Kawawa naman ang love ko…*

"BAKA BOMBA `yan, Manong?" komento ni Jason sa lunch bag na ipinatong ng guwardiya sa bench sa ringside.

"Hindi. Galunggong," anang sikyu. "Para sa `yo."

"Yikes!" Napaatras sa kinauupuan si Jason.

"Ano ho?" bulalas naman ni Owen. Nakatalikod siya kay Jason sa may bench pero napalingon siya nang marinig ang "galunggong."

"Tiningnan ko nga muna at baka kung ano, pero pagkain lang. Sarsyadong galunggong at kanin, mainit pa," sabi ni Manong Guard.

"Sa `yo na lang, Manong," sabi ni Jason, tuluyan nang tumayo buhat sa bench, isinukbit ang gym bag. "`Uuna na `ko sa inyo," paalam nito.

"Kanino po galing, Manong?" tanong ni Owen sa sikyu.

"Do'n sa babae—umalis na, eh.

Nagmamadali, basta ibigay ko daw kay Jason pagkatapos ng practice n'yo. Mukhang masarap naman, ah."

Binuksan ni Rainier, teammate nila, ang bag at ang lunch box sa loob niyon. Umalingasaw ang sarsyadong galunggong.

"Mukhang masarap nga, tirahin na natin, `tol," sabi ni Rainier. "Tomguts na `ko."

"Para kay Jason daw, eh, malamang may gayuma `yan. Baka dinuraan," si Jules, isa pa nilang teammate.

"Sorry na lang sa nagpadala niyan, hindi ako kumakain ng galunggong." Tila nanginig pa sa pandidiri si Jason. "Tirahin n'yo na." At lumarga na ito.

Ibinalik ni Rainier sa bag ang lunch box. "Talo-talo na `to. Tara, dalhin natin kay Gumboy," tukoy nito sa kainan sa tapat ng CLC. "Order na lang tayong extra rice. Sama ka, Manong," yaya nito sa guwardiya.

"Duty pa `ko.  Ibalik n'yo na lang `yang lalagyan at babalikan daw no'ng babae mamaya."

"Anong oras daw po?" tanong ni Owen.

"Basta mamaya daw."

Nagpahuli sa paglalakad palabas ng campus si Owen para itsek ang messages niya. Dalawa. Isang green joke na galing sa isa niyang kaklase, isang galing kay Summer: *Hope u like my GG recipe.*

Nasamid si Owen, *sinasabi ko na nga ba.*

"`Tol, iba na `yan," komento ni Jules, inakbayan siya. "Tumatawa ka na mag-isa. Sino ba `yan?"

"May kilala kang Summer na HRM?" tanong niya.

"Baka nickname lang `yan. Tanungin mo'ng totoong pangalan, pati apelyido."

"Summer Florante," sagot ni Owen dahil nang nakaraang gabi pa niya tinanong ang last name ng textmate.

"Sinabi sa `yo? Hindi totoo `yan, `tol, imbento lang `yan."

Nagkibit siya ng balikat. Posible nga. Pero, who cares? Naaaliw siya kay Summer. Isa pa…

"Hindi rin naman niya alam na ako ang ka-text niya," aniya kay Jules.

"Ah, naglolokohan kayo. Tama `yan, pagbutihin mo at may mararating ka d'yan," tango nito, tatawa-tawa.

"Akala niya, si Jason ako. Ito kasi `yong dating number ni Jason. Hindi ko na pinalitan, `di ba?"

"Ah, d'yan ka malalagot," sabi ni Jules.

"Tingin mo?" Lumabas sila ng gate at tumawid papuntang Gumboy's. Black and white ang motif ng kainang napapagitnaan ng 7-Eleven at patahian ng mga school uniforms at sports jersey. Naroroon na sina Rainier, nag-iingay na at kinukulit ang mga serbidora.

"Ikaw? `Tingin mo?" balik ni Jules ng tanong kay Owen.

"Baka magalit `pag sinabi ko. Baka hindi na mag-text," amin niya.

Tumawa si Jules. "`Tol, hindi sineseryoso ang textmates."

Alam niya. At hindi lang si Summer ang puwede niyang maging textmate. Kaso lang,

it turned out, nang magkaroon siya ng textmate, ayaw na muna niyang dagdagan. Una, aksaya sa load kung maraming tine-text. Pangalawa, solved na siya kay Summer.

"Parang ambait, eh," aniya.

"Lahat naman mabait sa text, maski ako."

"Thoughtful din. Nagpadala agad ng galunggong." Kaya dalangin niya, hindi sana galunggong ang ulam nila mamayang gabi. Baka magmukha na siyang galunggong kakakain niyon.

"Sa kanya galing ang pagkain?" bulalas ni Jules.

Tumango si Owen. "Tara na, bilis at baka maubusan tayo." Pero siya pa rin ang nahuling dumulog sa mesa dahil nag-reply pa siya kay Summer.

*Titikman ko pa lang.*

HINDI maitago ni Summer ang ngiti habang nagta-type ng reply kay Jason. Hindi rin niya malaman kung paano mamimilipit sa armchair na kawayan sa kanilang balkonahe.

*Cge, eat u muna.* Message sent.

"Aba!"

Napaangat siya ng mukha sa kanyang mama na biglang lumabas. Huli na para itago ni Summer ng cell phone.

"Bakit nasa `yo na `yan?" tanong nito.

"Ahhm, tinubos ko na kay Buniknik. Sumahod ako sa paluwagan namin nina Mitzie."

"Magkanong sinahod mo? Hindi ka man lang nagbigay?" reklamo agad ni Simeona.

"Eight hundred lang naman, eh. Kulang pa pantubos ng phone, dinagdagan ko na lang no'ng ipon kong barya."

"Eh, bakit nand'yan ka pa? Hindi ka magbihis na muna at maglinis ng bahay?"

"Aalis pa `ko, eh. Babalikan ko pa `yong Tupperware mo sa school."

"Para saan ba talaga `yong niluto mo?"

"Sa food club nga. Sumali ako, `di ba? Pinag-prepare kami ng nutritious food, `tapos `yon, mga teachers lang naman ang kakain. Babalikan ko mayamaya `yong Tupperware,

baka iuwi `yon nina teacher."

"Sa Lunes mo na kunin, maglinis ka muna. Palitan mo ang kurtina natin dahil may bisita si Nel mamaya, `yong kumpare niyang seaman. Pupunta kami ni Rain sa supermarket, nakakahiya naman kung basta-basta lang ang ihahain sa bisita. Gusto ng tito mo, `yong sinigang na salmon."

"Salmon?! Mayaman tayo?"

"Minsan lang naman."

"Minsan daw." Lumabi si Summer. Lagi namang may mga bisita ang Tito Nel niya at kung makapaghanda, akala mo ay congressman na malakas kumita, ahente lang naman ng insurance at mga lumang oto ang stepfather niya, mula noon hanggang ngayon.

"Ah, basta. Mabuti na `yong si Nel ang binibisita dito kaysa siya pa ang pupunta kung saan-saan," katwiran ng kanyang mama.

"Wala namang mapupuntahan `yon kahit gustuhin pa niya." Dahil puro porma lang naman si Nelson, wala namang binatbat. Kulang na nga sa drive, ang taas pa ng pride.

Imbes na pursigihin iyong malalaking kliyente na nagpapakipot lang, aba, inaaway.

"Ano ba talaga ang gusto mong sabihin, ha? Bakit ba mainit pa rin ang dugo mo kay Nel? Isipin mo nga, makakapag-aral ka ba kung hindi dahil sa kanya? Matuto kang tumanaw ng utang-na-loob, Summer."

"Kung hindi ka pinapadalhan ni Tita Gem ng pera, hindi ako makakapag-aral sa kinikita ng asawa mo." Kapatid na panganay ng kanyang Papa ni Tita Gem, nasa Norway at nagpapadala ng pera sa kanyang mama dahil nangako daw iyon sa kanyang papa na tutulungan sila maski paano.

"Para namang napakalaki ng binibigay no'n," sagot ni Simeona, may kasamang ismid.

"De sino sa `tin ang walang utang-na-loob? Aber?" sagot ni Summer.

"Sa'n ba `ko nagkamali sa `yo, ha? Ang tapang mo magsasagot, wala kang galang sa ina mo. Kailan ka pa nagkaganyan?"

Simula noong marinig niya ang suggestion

ng ina kay Nelson, na kung hindi daw talaga sasapat ang kinikita ng lalaki sa kanilang lahat, ipapadala muna siya sa Tuguegarao, sa lolo at lola niya sa father side. Hindi deretsang sumang-ayon si Tito Nel pero sinabing bahala na si Simeona magdesisyon.

Nakahanda na siyang maglayas noon, twelve years old pa lang siya. Araw-araw siyang nangangamba na isang umaga na lang ay pag-eempakehin siya ng ina at ipapatapon sa Tuguegarao. Hirap siyang makatulog at nagigising siya sa madaling-araw na basa ang higaan—naiihi siya. At nakukurot siya ng ina kapag nalalaman iyon. Samantalang si Rain, hinahalikan pa sa singit kapag umihi sa higaan.

Natigil lang ang pag-iihi niya sa kama niya nang bigla nilang mabalitaan na inatake sa puso ang lolo niya sa Tuguegarao. Silang lahat ang nagpunta doon para makipaglamay at makipaglibing. Hindi siya iniwan doon ng kanyang mama sa kadahilanang isasama na daw sa Manila niyong isa pang kapatid ng

kanyang papa ang kanyang lola dahil wala nang kasama ang matanda at walang anak na gustong manatili sa Tuguegarao.

Nakahinga siya nang maluwag. Pero ang hinanakit sa kanyang dibdib, hindi pa rin nawawala. Hindi na yata mawawala. Ang sarili niyang ina, handa siyang ipasa sa iba para lang hindi mahirapan ang kinakasamang lalaki.

Pero hindi niya iyon masabi-sabi sa ina. Dahil tatanggi ba ito o aamin? Alinman sa dalawa ay masakit.

"`Ayan na si Bunso, mamasyal na daw kayo," patuya niyang wika nang lumabas na rin si Rain, baligtad pa ang T-shirt. "Ano ba `yan, grade four ka na hindi ka pa marunong magbihis."

Hinaltak ito ng kanilang mama. "Halika na, sa traysikel mo na ayusin `yan at baka hindi ko matant'ya `yang ate mo."

"Masakit ang ulo ko, Mama," sumbong ni Rain.

"Hindi ka kasi kumain ng breakfast. Ibibili

kita ng Jollibee."

Napasimangot si Summer sa narinig. Hindi man lang siya inalok na pasalubungan ng Jollibee kahit labas sa ilong.

Pero mabuti nga na lumarga na ang mga ito. At least, walang iistorbo sa pakikipag-text niya kay Jason. Binasa niya ang text nito.

*Its good. Mas masarap sa lu2 ng inay.*

Natawa si Summer sa salitang "inay." Humble talaga si Jason.

*Bola,* reply niya.

*Its true. Iuwi ko ba ang container?*

Natawa na naman si Summer. *Iwan u na lng ke manong guard. Get ko s Monday.*

*Can we meet in person?* ang kasunod na text ni Jason.

*Uh-oh.*

*Ill thnk abt it.*

*Grabe naman,* sa loob-loob niya. Gusto na agad siyang maka-eyeball. Kunsabagay, gusto rin niya iyon. Kaso lang, paano kung hindi ma-impress si Jason sa kanya in person? Iyong dating girlfriend ng lalaki, ngayon, nag-

aartista na. Sobrang ganda kasi. Isa pa, masyado pang maaga para sa EB.

*Chicken,* ang reply ni Jason.

Nag-type agad ng sagot si Summer. *Bka kc ur xpecting dat im so pretty. H8 2 disappoint u.*

*Describe urself.*

*L8r na lng, im busy pa cleaning haws.*

Wala siyang balak gawin ang pagkakamali ng ibang naghahangad kay Jason: atat. Tipong hindi pa man nakakasama ang lalaki, feeling girlfriend na kung umasta.

*Ibahin mo `ko, Jason Dy. Ikaw ang hahabol sa `kin.*

*Hahaha. Okay. Txt u later,* ang reply ng lalaki. Medyo dismayado si Summer na hindi man lang siya kinulit. Iyon ang downside ng pagpapakipot pero kailangan niyang panindigan dahil kapag madali daw makuha ang babae, madali ring ibasura.

# My Bumbling Bee



ROSE TAN

# My Bumbling Bee



ROSE TAN

# chapter one

Ilang minuto ba dapat ma-late para masabing "fashionably late" sa isang event? Hindi ko alam. I-Google ko ba? Eh, di lalo akong na-late imbes na bumaba na lang ako ng kotse at pumasok sa marangyang gate nina Karen. Karen talaga. Natawa ako nang kaunti. Ang saklap na Karen ang pangalan mo sa panahong ito. Pero hindi ko na dapat iniisip dahil late na ako talaga at wala akong karapatang ma-late. Sa kabilang kalye lang ang bahay namin, hindi ko puwedeng idahilan na ma-traffic.

Ala-una raw ng hapon ang simula ng piging. Malapit nang mag-alas-tres, sabi ng

dashboard clock. Maigi pang mag-retouch na lang ako ng—

"Ay, *shet*, si—" Nagmadali na akong bumaba. "Mitch!" tawag ko sa matikas na lalaking lumabas ng marangyang gate. Nakaitim na slacks, powder blue polo, nakatupi sa may siko ang manggas. Tatawid na sana ako pero may dumaang van sa harap ko. Paglampas ng van, naglalakad na pakanan mula sa gate si Mitch. Tinawag ko uli. "Mitch!"

Luminga naman siya, nginitian ako na may kasamang kaunting kaway—parang sumaludo na ewan. Basta cute.

*My, my. Why so perfect, my love?*

"Uuwi ka na?" tanong ko, pasigaw dahil mga three meters ang pagitan namin, at saka medyo worried na ako. Sayang ang mga oras na ginugol ko sa pagpapaganda—rason kung bakit ako late—kung uuwi na si Mitch. Sayang ang inorder kong terno online, hindi niya makikilatis sa katawan ko, napaka-sexy pa naman ng floral crop top with sweetheart

neckline at long flowy skirt. *I'm so Barbie, let's go party.*

Huminto naman si Mitch sa paglalakad, hinintay akong makatawid at makalapit sa kanya.

"May titingnan lang kami ni Mareng Darling sa shop niya," sabi.

Nangunot ang noo ko. "Mareng Darling?!"

Itinuro ni Mitch ang kotseng itim sa may kanto. May babaeng nakatayo sa tabi ng kotse, obvious na naghihintay. "Bago kong kumare, si Darling."

"Ah, ninang siya," tango ko. Binyagan ang event kina Karen, isa si Mitch sa mga ninong, at si Darling ay, 'Ninang from Ipanema,' sa loob-loob ko dahil si Darling ay 'tall and tan and lovely.' Naka-corset style top gray, litaw na litaw ang pang-top model na mga balikat, collarbone, at mala-Jennifer Aniston na braso. Oh, yes, Jennifer Aniston dahil parang kaedad na iyon ng bagong kumare ni Mitch. Nakapamulsa sa itim na pleated trousers,

pulang-pula ang high heels.

"Boss ni Pareng Dave," sabi pa ni Mitch, asawa ni Karen ang tinutukoy, tatay ng bininyagan. "Sige, ha," paalam nito.

"Uh, t-teka," angal ko pero wala akong maisip sabihin.

Itinuro ni Mitch ang kotse ko. "Ayusin mo, naka-double park ka." At naglakad na papunta sa kumare ang kumpareng pogi.

"Babalik ka pa ba?" follow-up question ko. Aba, eh kung hindi na siya babalik, uuwi na lang ako dahil siya lang naman ang dahilan kung bakit ako nagpunta dito.

"Oo, babalikan ko'ng oto ko." Bahagya lang lumingon si Mitch at naglakad na uli. Inihatid ko na lang ng tanaw hanggang sumakay na sa passenger side ng kotse ni Kumareng Darling.

*Shit.* Naunahan na naman ako sa aking pinakamimithi. *Shit talaga.* Lagi na lang. At hindi talaga nababakante si Mitch. Kabe-break lang sa jowa, pagkurap ko, may Kumareng Darling na. Tumawid na lang uli

ako para iparada nang maayos ang segunda-mano kong Honda City.

"Saan ko naman ililipat?" Okupado na ng mga kotse ng bisita nina Karen ang kalsada. Sa unahan ko naman, 'Don't Block the Driveway.' Kung sa kabilang kanto pa ako magpa-park, aba'y igagarahe ko na ang kotse sa amin.

Last week lang na-finalize ang pagbili ko sa sasakyan dahil last week lang umalis ang may-ari para mag-migrate na sa Canada. Kaga-graduate ko lang sa driving school kaya kahit malapit lang ang pupuntahan, dinadala ko ang kotse. Practice. Na may kasama na ring pagmamayabang.

Aba, sa edad na treinta'y uno, may sarili na akong karwahe. Kapuri-puri iyon at imposibleng hindi maisip ni Mitch na isa ako huwarang babae.

Kaso, *pucha,* bakit kasi ako late?

`Hirap kasing magkilay.

Ah, hindi ko na lang ililipat ang kotse. Wala namang traffic enforcer dito sa

subdivision. Kinuha ko na lang sa backseat ang regalo para sa bininyagan. Ayoko na ring mag-retouch, lumpia na lang ang gusto ko. Lulunurin ko sa lumpia ang disappointment ko at kasawian.

Tumawid na uli ako at pumasok sa nakabukas namang gate nina Karen at Dave, friends ko by default dahil nasa ilalim kami ng isang HOA. Mag-asawang achiever. Petroleum engineer si Dave, ang laki ng suweldo sa Shell. Chemical engineer naman si Karen, nasa Shell din. Binyag ng panganay ng mag-asawa ang okasyon. Kung hindi ko nalamang isa sa mga ninong si Mitch, nunca akong magpaunlak sa imbitasyong hindi naman pormal, ipinasabi lang sa kasambahay nila. Mga tunay na friends lang at mga ninong ang may formal invites. Kaming mga neighbors, masabi lang na sinabihan.

Isa pa, hindi ko naman *keri* ang mga friends ng mag-asawa. Panay mga achiever nga, baduy naman. Pati naman sina Dave at Karen, baduy. Oo, manlalait ako dahil ako ay

sawi. Na naman.

Tiningala ko ang dalawang palapag na bahay. Very modern, very mamahalin. Dalawang lote agad ang binili ng mag-asawa sa subdivision, sa gitna itinirik ang pugad ng pagmamahalan. Pina-landscape ang tatlong gilid ng bakuran, ang isa ay inilaan sa tatlong sasakyan.

*Bongga ang mga baduy.*

"Bee!" tawag at kaway sa akin ng iba ko pang friends by HOA pagpasok ko sa bakuran. Nasa bilog na mesa sa kaliwa ng gate silang lima. Clockwise simula sa pinakamalapit sa akin: Esme, kung gaano ka-straight ang buhok, ganoon din ang katawan. Ampayat ng pucha, may thyroid issue daw. Nagmukhang daster ang suot na bodycon dress. Katabi niya si 'iKennethh.' Kenneth lang pero mas maganda kung may "I" dahil *I kennat* talaga siya minsan at kadalasan. Pina-rebond ang buhok, ginagaya ang mga K-pop, naka-bangs na hati sa gitna. Mukhang etits ang leche. Nakaitim na pullover at faded

ripped jeans. Nanligaw—este, nagtangkang manligaw sa akin mga three years ago na, noong bagong salta kami ni Tita Mae dito sa Verdalla Executive Village.

Katabi ni iKenneth si Perrie, baklang matrona. Kulot na sabog ang buhok, hanggang balikat. Naka-orange and green caftan, ang daming borloloy sa kamay at leeg. Pupusta ako, linen pants ang pang-ibaba niya at tsinelas na may rhinestones. Humihigop ito ng kung ano sa tasa. Mapulang-mapula ang hasang dahil kumita sa damit at hair and makeup na rin ni Karen, tinaga nang husto ang babae. Hindi ko pa nakikita ang damit.

Nakatayo sa tabi ni Madam Perrie ang rumored lover, si Cham, pamintang wagas. May wife and daughter somewhere in Mountain Province. Guwapo sana, mestisuhin at ang ganda ng katawan, pero kahit magsibak ng mga troso sa harap mo, hindi mo pagkakamalang tunay na ginoo. Naka-leather pants.

Hindi daw type ng 90% ng kababaihan

ang mga lalaking naka-leather pants. Okay lang. Hindi rin naman type ng mga lalaking naka-leather pants ang kababaihan.

Nasa pagitan nina Cham at Esme si Rodah, lumalafang ng prawns. Dating sexy, lumba-lumba na ngayon. Panay ang post ng throwback pics sa FB at IG. Sexy nga naman noon, mala-Diana Zubiri ang katawan, at may-hitsura. Kaya nakapagasawa ng yayamanin. Trophy wife ang peg noon. Ngayon, lalagyan-ng-trophy wife na ito.

Bineso ko silang lahat. Tumayo si iKenneth, kumuha ng bakanteng upuan sa kalapit na mesa at inilagay sa tabi ng upuan niya, upo raw ako.

De maupo. "Thanks," sabi ko. "Kanina pa kayo?"

Si iKenneth ang sumagot. "Kararating-rating ko lang din. Sila, kanina pa. Nakatatlong kilong prawns na `yang si Rodah."

"Depressed ka na naman?" tanong ko sa lalagyan-ng-trophy wife.

"Lasunin na kasi, tutal, wala namang silbi," suggestion ni Madam Perrie. Asawa ni Rodah ang tinutukoy niya.

"Oo nga," sang-ayon ni Esme. "`Ta's pakasalan mo `yong vibrator mo."

Nagtaas ako ng kamay. "Ako maid of honor."

"Sino best man?" si Cham, nagsindi ng yosi, hindi pa rin umuupo.

"Aba, de si Energizer Bunny."

"`Wag nga kayong ganyan. Binyagan `to, oy," si iKenneth. "`Lalaswa n`yo."

Dinuro ko siya. "Mas malaswa ka, `oy. Mukha kang etits. Ilipat mo sa side ang bangs mo, para mukha ka nang tabinging etits."

Humagalpak si Madam Perrie. "Puwede na tayong uminom, nandito na si Benita," banggit niya sa totoo kong pangalan, pagkatapos ay inutusan si Cham. "Kuha ka ng beer do'n sa swimming pool."

Sinundan ko ng tingin ang itinuro ni Madam. Inflatable pool sa sulok ng bakuran, katabi ng nagtatadtad ng mga lechon sa dulo

ng buffet table.

Imbes na tumalima, tinawag ni Cham ang napadaang waiter, umorder ng beer.

"Teka muna, kakain muna ako. Saka magpapakita muna ako sa nagpabinyag. `Asa'n ba?" `kako sa kanila.

"Nando'n sa gazebo. Nando'n ang mga bisitang pandangal," sabi ni Esme.

"Hindi tayo pandangal?"

"Wala tayong dangal," sabad ni Rodah, sabay subo ng isinawsaw na prawn sa sweet and sour sauce.

Tumayo ako, bitbit ang regalo kong isang set ng cloth diapers. Hinanap ko ang nagpabinyag. Nasa gazebo nga, nagpapa-picture. Ginayakan ng pink tulle, ribbons, balloons, at flowers ang gazebo. May mesang bilog sa isang tabi, naroroon ang mga regalong umaapaw na. Nasa kabilang tabi ang limang tiers ng mga cupcakes with pink frosting.

Kulay salaguinto ang dress ni Karen. Sleeveless, hanggang tuhod. Tinahian ng

maliliit na bulaklak, sequins, at crystals sa neckline at baywang.

*Ito ang 15K na dress? Ampotang Perrie, `kapal ng mukha.* Ni hindi gumanda si Karen sa suot. Ni hindi naitago ng tabas ang leftover baby bump.

"Bee, hello," bati sa akin ni Karen nang makita ako.

"Hi, Kar. Sorry, na-late ako. Hi, baby girl." Hindi ko maalala ang pangalan ng sanggol kaya Baby Girl na lang.

"Okay lang. Kumain ka na ba? May kasama ka ba?"

"Mag-isa lang."

"Hindi ka man lang nagsama ng kaibigan mo? Or `yong tita mo?" Naninilaw ang mga alahas ni Karen—totoong ginto—sa damit na salaguinto! Ang sakit sa mata. Pagkatapos ay itim na gladiator sandals ang suot sa mga paa. As in, parang hiniram kay Spartacus at nilagyan ng takong. Halos abot na sa tuhod ang straps. Paano naisip ni Karen na maganda ang sapatos niya? Hindi ko maipaliwanag.

"Masakit ang balakang ni Tita. Ayaw bumangon," dahilan ko dahil ang totoo ay busy si Tita Mae sa ka-chat na *afam*. Nagkulong sa kuwarto at ayoko nang isipin kung ano ang ginagawa doon. May katalandian ang tita ko kaya napapag-isipan ko ng kung anu-ano. "Happy binyag pala." Iniabot ko ang regalo ko. "Pasensiya na kayo sa gift ko."

"Sus, nag-abala ka pa. `Patong mo na lang d'yan," sabi ni Karen.

"Si Dave pala?" tanong ko.

"May kausap yata sa loob."

"Nakita ko `yong boss daw niya, ah. May pupuntahan sila ni Mitch," `kako pa.

"Oo nga, eh. Kanina pa magkausap ang dalawang `yon. Mukhang nagkakasundo."

"May-edad na ang boss ni Dave, `no?" Hindi ko na napigilang mang-intriga. Maritess dapat ang pangalan ko, hindi Benita.

"Hindi naman halata. Ang sexy pa, kakainggit." Hinimas ni Karen ang bilbil.

"Dalaga pa `yon?" tanong ko.

"Oo. Masyado kasing inuna ang career, `yon. Pero okay lang kung sila ni Mitch ang magkakatuluyan. Worth the wait naman si Mitch. Bagay sila, actually," sabi ni Karen, parang sinasadyang saktan ako.

"Magkaanak pa kaya sila kung sakali?" `kako. Sa matris na lang ako lamang.

"Sa panahon ngayon? Nothing is impossible. Uy, kumain ka na muna, Bee."

"Pa-picture muna tayo. Para may remembrance kami ni Baby Girl." Tsika lang.

Pagkatapos ng picture na ide-delete ko later, dumeretso na ako sa buffet table. Probinsiya style ang handaan. Ano ang inaasahan ko, eh, probinsiyano naman talaga sina Karen, nagmula sa Romblon.

Imbes na sa hotel o sa isang resort idaos ang reception, sa bakuran pa talaga naisipan. Kunsabagay, chance na iyon para maipagmalaki ang bagong bahay. Nasa isandaang katao yata ang bisita, kasama na iyong mga obvious na nanggaling pa sa probinsiya.

*Mga poor relations.*

Kumuha ako ng plato at kubyertos, isinahod sa tagasilbi ang plato. Umaapaw sa lalagyan ang prawns, crabs, baked tahong. Tatlong klase ang pasta dishes at fried rice. May sotanghon con canton guisado, may kare-kare at lumpiang shanghai. May calderetang cow, embutido, calamares, walang kamatayang fried chicken, dalawang klase ng soup—corn at squash, isama pa iyong mga lechon na inaatado sa dulo. Ang desserts, leche flan, biko, pichi-pichi, buko pandan, fruit salad, et cetera.

Masagana talaga. Gumastos nang walang takot.

*Baduy pa rin.* Nasa motif iyon—baby pink and lavender.

Pero… buntong-hininga. Sa kaibuturan ng pamimintas ko, naroroon ang inggit ko sa mag-asawa. Lalo na kay Karen.

"Dagdagan mo `yang prawns, kuya," request ko sa tagasilbi. Aba, pumayag. Samantalang sa ibang handaan na ganoon,

may bilang kung ilang piraso lang per guest. "Thank you, ambait mo."

Ang istorya ni Karen sa lahat ng willing makinig, high school sweethearts ito at si Dave. Sa isang public high school nagkakilala at nag-ibigan, sabay na lumuwas sa Maynila para magkolehiyo, at natiis hindi gumawa ng bata hanggang parehong makatapos, nag-apply sa parehong kompanya at parehong natanggap dahil parehong cum laude, sumuweldo na agad nang limpak-limpak, nagpakasal. At ngayon, nagmamahalan pa rin at nagsasama sa baduy pero matiwasay na pamumuhay. Last year lang gumawa ng supling.

Bakit ganoon? Bakit may mga babaeng kagaya ni Karen? Isang beses pa lang nagmahal, forever na kaagad.

Bakit may mga babaeng kagaya ko? Hindi makatsamba ng forever. Bakit iyong mga hindi ko gusto ang nagkakagusto sa akin at iyong mga gusto ko, hindi ako ginugusto? Paano ako magkaka-love life?

Bakit si Karen, ang tino ng buhay? Parang nasa tuwid na tuwid na daan. Bakit ako, lubak-lubak na ay liku-liko pa?

*Nasa'n ang hustisya?*

Requirement ba sa successful love life ang mga medalya galing sa eskuwelahan?

Bakit ako ay sawi, si Karen ay pinagpala?

Kakahimutok ko, parang wala na akong gana pagbalik ko sa mesa namin.

"Nakita n'yo ba `yong kasama ni Mitch kanina?" tanong ko sa lahat.

"Mas maganda sa `yo, `wag ka nang umasa," sabi agad ni Madam Perrie.

Dinuro ko siya ng tinidor. "`Oy, Madam, `kapal ng *fez* mo. Kinse mil ang siningil mo sa damit?" Dumukwang pa ako sa mesa. "*Ginlue gun* mo lang `yong mga sequins."

"Hoy, maganda `yon. Sinira lang ng Lola Karen mo ang porma." Humagalpak si Madam Perrie. "*Juicecolored!* Kulang pa `yong bayad niya kung tutuusin. Muntik na `kong mag-collapse no'ng makita ko sandalyas niya. Hindi nirespeto ang creation ko."

"Maski na, tubo ka pa sa one thousand do'n," `kako.

"Mahal ang tela ngayon."

"Parang ikaw," hirit ni iKenneth. "Mahal ko."

"Utang-na-loob." Sinimangutan ko siya talaga.

Bumungisngis naman siya. "Joke. Alam ko namang si Mitch lang ang gusto mo."

"Buti naman." Sinungkit ko ng tinidor ang laman ng baked tahong. "Sa'n kaya nagpunta `yon? Ano kaya ginagawa nila?"

MITCH ROLLED off her. Agad bumangon si Darling, ni hindi naisipang magkumot. Hindi self-conscious, proud pa sa katawan. Mabuti naman ang ganoon para kay Mitch. Nakakainis ang mga babaeng ikinahihiya ang sarili.

At obvious namang inaalagaan talaga ni Darling ang sarili. Firm ang mga muscle. Vegetarian daw ito at runner, suki ng mga marathon events. Plano na rin daw mag-train

para sa triathlon.

Hindi rin ito conscious sa edad. Forty-six. Thirteen years ang pagitan nila pero hindi iyon issue kay Mitch. Darling was smart, accomplished, independent, beautiful.

Magkakaanak pa ba sila? Bakit hindi? May fifty years old nga na nagbubuntis pa. Saka kung hindi uubra sa natural, eh, di sa ibang paraan. They could afford that. Maganda ang trabaho ni Darling at maganda rin naman ang takbo ng negosyo niya.

Ang importante, nagkakasundo sila. Masarap kausap si Darling, ang lawak ng knowledge sa kahit anong paksa. Dahil din sa edad nito, hindi na kasing-arte ng mga mas bata. Wala nang insecurities. Mahirap karelasyon ang mga insecure na babae. Mitch had enough of those.

Mayamaya ay bumangon si Darling, isinuot ang underwear. Pinanood ito ni Mitch. "What about dinner?" aniya. "Tomorrow night?"

Natawa si Darling, isinuot ang blusa. "I

don't think so. `Tawagan na lang kita."

Parang binuhusan ng malamig na tubig si Mitch. "But… I thought—" Never mind. *Shit! She didn't like my performance?*

"I have to go," wika pa ni Mareng Darling, isinuot ang pantalon. "`Taxi ka na lang, ha. Baka kasi pababain pa `ko ni Dave `pag hinatid pa kita pabalik. Hahabol pa ako sa get-together ng mga college friends ko."

Bumangon na rin si Mitch at hinagilap ang boxers.

Tumuntong si Darling sa high heels. "`Tawag na lang ako. Bye." Hinagkan nito si Mitch sa pisngi bago lumabas ng hotel room.

And Mitch felt like a whore. Kulang na lang ay hagisan siya nito ng pera.

Bakit? Saan siya nagkamali? Did he come too soon? Nabitin niya si Mareng Darling?

# chapter two

"Nate-trace kasi ang lason. Sa dugo, sa tissues, sa buhok, sa kuko." Passionate na ako sa diskusyon. Nakadalawang shots na ako ng Johnnie Walker na naharbat ni Cham kay Dave. "Makukulong ka lang, hindi mo pa makukuha ang insurance." Insurance policy na lang daw ang silbi ng asawa ni Rodah, kailangan nang mategi. "Dapat `yong hindi halata." How to murder the husband talaga ang paksa namin kanina pa. Kung mapapatay nga iyon, lahat kami suspect dahil dinig ng ibang bisita at catering crew ang talakayan namin.

"Itulak ko na lang nga sa hagdan," giit ni

Rodah, hindi pa tinatamaan sa inuman.

"Hindi nga sure na matetegi," giit ko rin. "Kung mabalian lang? De napeste ka pa sa pag-aalaga." Napatingin ako sa shot glass. "Akin ba `yan?"

Itinulak iyon ni iKenneth sa akin. "Oo, iyong-iyo ako."

"Isa pa, mauuna kang paglamayan," `kako, sabay shot. "Hah!" Pahid ng bibig. "As I was saying, there are ways to assassinate your husband discreetly."

Pumalalakpak si Madam Perrie. "Nag-i-English na!"

"Baka! Baboy!" sigaw ko.

"Ha?" chorus ng audience ko.

"`Yong utak ng baka or pig, lutuin mo, `ta's dikdikin mo hanggang mukha na siyang sour cream whatever. `Ta's isama mo `yon sa lahat ng pagkain niya. Hindi niya mahahalata. Masarap `yon, lalo na `pag inihalo sa mainit na mainit na sabaw ng nilaga. Isang linggo lang, putok ang ugat ng jowa mo. Ka-boom! Happy New Year! Good-

bye, Philippines!" Nag-close-open pa ako para i-demo ang explosion.

May napabulalas sa likuran ko. "Oh, my God."

Luminga at tumingala agad ako. "OH. M. G." Natutop ko ang bibig ko dahil hitsurang shocked na shocked si Mitch.

Tumayo naman agad si iKenneth. "Pare, upo ka." Ibinigay niya kay Mitch ang upuang may baby pink ribbon sa likod. Kaya hindi ko ma-type-an itong si iKenneth, eh, inferior ang complex. Alin, kung ako ang lalaki, malabo kong i-donate ang inuupuan ko kahit kanino.

"Salamat, p're." Sabay upo kaagad si Mitch. Kaya naman type na type ko siya hanggang sa dulo ng walang hanggan, superior ang quality.

Sinalinan ni Madam Perrie ng alak ang shot glass, ibinigay kay Mitch. "For you, sweetheart."

"Thank you, Mommy." Dinampot ni Mitch ang shot glass, saglit na tinitigan, at ininom.

Napatitig at napalunok din ako sa Adam's apple niya. Gusto kong hawakan. Gusto ko ring damhin ang bawat galaw niyon sa pamamagitan ng labi. At dila.

Tumingin siya sa akin. "Ang sama mo, `no? Parang ikaw ang mas may gustong mamatay na si Sir Bo," tukoy niya sa asawa ni Rodah.

"Para masaya, may lamay," sagot ko.

"Ano'ng masaya sa lamay?"

"Ikaw." Gabi-gabi ko siyang makakalamay. May mas masaya pa ba doon? Pagsasaluhan namin ang mga butong-pakwan at Boy Bawang.

"Huh?" usal ni Mitch.

"Ikaw, `kako, sa tingin mo, ano ang masaya?" palusot ko.

"Wala nga, eh. Kaya `wag kang salita nang salita ng ganyan." Inabot niya si Johnnie Walker, sinuri nang kaunti. Kinikilatis siguro kung japeyk. Dalubhasa siya sa mga ganoon. May tindahan siya ng mga de-boteng mamahalin at imported sa Quezon Avenue.

"Hindi japeyk `yan," `kako.

"Alam ko. Natikman ko na, `di ba?"

"Ba't sinusuri mo pa?"

"Pakialam mo?" Nagsalin siya ng alak sa shot glass, tinungga uli.

"At bakit balak mo yatang malasing? `Asa'n ang kumare mong senior citizen?" sabi ko.

"May lakad pa siya," sagot ni Mitch, nakangiwi. Sa alak o sa sinabi? Ewan ko.

"Hindi ka hinatid pabalik dito?" Magaling talaga akong mang-intriga.

"May meeting pa nga, eh. Nagmamadali," giit ni Mitch.

"Ano ba'ng ginawa n'yo? Sa'n kayo nagpunta?" urirat ko pa.

Mahiwagang sulyap ang tugon ni Mitch. *Alam na this.*

"Gago ka," sabi ko. "Pinatulan mo nga. Magkakaanak ka ng abnormal."

"Malabo," sagot ni Mitch, parang balak na uling tumungga ng alak.

"Hindi malabo. Nasusulat na `yan sa

science books. `Pag gano'ng edad, may chance!" pagmamarunong ko.

"Malabo nga, eh. `Kulit mo."

"Malinaw! Kasi nga ang mga itlog—"

"Malabo!"

"Malabo talaga ang mga itlog no'n! Kung manok `yon, cull na `yon." Makunat pa sa tandang.

"Malabo kaming magkaanak dahil hindi naman kami, okay?"

Pumalakpak ang hasang ko sa sinabi ni Mitch. Naglundagan ang mga itlog ko.

"Ah, tsinuktsak mo lang," tango ko. Magaling, magaling. Clap. Clap. Clap. "Wham, bam, thank you, ma'am! `Galing mo!" Hinampas ko pa siya sa balikat. "Ikaw na ang dakilang fuckboy."

Kumulimlim ang aura ni Mitch. *Shumat* ng isa pa at nagpaalam na pagkababa ng shot glass. "`Una na `ko." Tumayo siya at tumalikod, tuloy-tuloy sa gate.

"Hala ka," paninisi ni Esme sa akin.

"Bunganga mo kasi," si Madam Perrie.

"Na-offend ang pogi."

"Eh, ba't siya mao-offend?" `kako.

"Sabihan mong fuckboy, ine-expect mong matutuwa?" si Esme uli.

"Totoo naman, eh," pagmamatigas ko.

"`Yon na nga, eh," sabad ni iKenneth, bumalik sa tabi ko. "Ikaw, walang love life, gusto mo bang ipagduldulan `yon ng mga tao sa pagmumukha mo?"

"Galit si Mitch? Sa `kin?" Ayaw kong maniwala.

"Oo!" koro ng audience ko.

"Eh—"

"Mag-sorry ka," payo ni Rodah.

"Natatakot ako," amin ko. Dahil nga may superior quality si Mitch. Masamang magalit. Nasaksihan ko na minsan. Iyong anak na teenager ng isang homeowner, laging bitbit sa village ang buong tropa na bangag sa ecstasy. Isang gabi, pinagtripang paghihipuan ang maid nina Mitch na naglabas lang ng basura. Nang malaman ni Mitch ang nangyari, nilusob sa bahay ang offenders. Pati tatay ng

mga iyon, sinapak. Nagkademandahan pa.

Pero iba naman ang kasalanan ko, hindi naman sexual offense.

Kaso nasaktan ko nga yata ang damdamin ni Miguelito "Mitch" Arrogante.

Itinulak ni iKenneth sa akin si Johnnie Walker. "O, manghiram ka ng tapang."

"*Ganun?*"

"Pak! *Ganern*!" si Esme ang nagsalin ng alak para sa akin. "Ininuman `yan ni Mitch, para na kayong nag-kiss."

"Oo nga." Tinungga ko ang laman ng shot glass. "Hooo!" Sabay tindig. Umikot ang paligid, humawak ako sa sandalan ng upuan. Kumurap-kurap ako dahil blurred ang paningin ko. Nang bumalik sa normal, kinuha ko ang handbag ko. "See you laters, crocodiles," kaway ko kina Rodah.

Nanghihina ang mga tuhod ko.

*Pucha ka, Johnnie.*

Parang nawala ang gravity. Nakakatakot humakbang, parang malalim ang ground. O may ground pa ba? Huminto muna ako sa

may gate. Paghakbang ko uli, nagulat ako. Lupa na. Agad. Sementadong lupa. Akala ko, malalim ang hahakbangan ko, pantay pala. Nabigla tuloy ang paa ko, muntik na akong mapasubsob.

*Relax, pantay lahat.*

Sinikap kong maglakad nang normal.

Hanggang magulat na naman ang mga paa kong naniwala na pantay lahat ang lalakaran ko. Nakalimutan ko ang gutter. Napaluhod ako. Luhod lang dahil napakapit ako sa isang tao.

"*S-shorry, missh*," sabi ko sa tao.

"*Oki* lang po, *mam*." Babae ang tao. Ewan kung sino. Naglakad na uli ako. *Nasaan ba si*… Sa kanang kanto, may umiilaw na kotse. Doon ako pumunta.

Nasa gitna ng isang sedan at van ang pickup truck ni Mitch. Dikit na dikit, walang espasyo para magmaniobra.

Natawa ako. Lalapit na sana ako sa Nissan Navarra nang may matapakan akong malagkit.

*Pisti.*

Ikiniskis ko sa kalsada ang sneakers ko. Umikot na naman ang paligid. Kinalampag ko ang bintana ni Mitch. Bumukas iyon.

"What?" sabi.

Sige pa rin ako sa pagkatok. Mayamaya ay bumukas ang pinto. "*Anyare* sa `yo?" tanong ni Mitch, nakadukwang sa passenger side.

Napatitig ako sa upuan. Gusto ko nang umupo, sumandal… Sumampa ako sa pickup.

Nagtatalak si Mitch. "Shit! Ambaho! May jackpot ka! Ambaho mo, Bee! Nakaapak ka ng tae!" Hindi niya malaman kung saan susuling.

"Ha?" Ang tangi kong nasabi dahil pati vocal cords ko, nanlalambot.

"`Ay, naku, Bee! Bumaba ka! Hubarin mo `yang sapatos mo!"

"I *kenat.*" Umayos ako ng upo. Umiikot na talaga ang lahat. Manhid ang mga kasukasuan ko. Hinang-hina ako.

"Ang sapatos mo, may tae!" sigaw ni Mitch.

Natawa ako. “Wala, `kay lang `yan.”

“Anak ng puta, kakalinis ko lang.” Yumuko si Mitch sa may paanan ko.

Itinaas ko ang isa kong paa, pero kusang bumabagsak. Hinayaan ko na lang si Mitch na hubarin ang sapatos ko.

Alam ko naman ang nangyayari. Hinila ni Mitch ang sapatos ko, inihagis sa labas ng sasakyan. Gusto kong umangal, 3K ang bili ko doon, pero… pake ko ba?

Panay ang “tsk-tsk” at mura ni Mitch. “Kumalat na sa mat, eh.” Bumaba siya at hinaltak ang mat mula sa pinto ko, sinala yata sa likod ng pickup.

“He—eeey!” Napasandal ang ulo ko sa lalagyan ng seat belt, nagpatangay na lang ako sa umiikot na paligid dahil hindi ko naman kayang pigilan.

*Round and round and round like a circle in a spiral… a wheel within a wheel…*

Nagulat na lang ako nang sumampa si Mitch sa driver’s side, may kausap pa na lalaki.

"Saglit lang pare, ha. Nalasing si Pareng Oca, hinahanap pa nina Karen ang susi ng van, ako na lang ang maglilipat," sabi ng lalaki kay Mitch.

"Okay lang, pare," sagot ni Mitch.

"Si Bee ba `yan?"

"Siya lang naman amoy-tae dito," sabi ni Mitch.

And I was like, "hihihihi." Sumara ang pinto ni Mitch, pagkatapos ay inabot niya ang pinto sa side ko para sarhan din. Isinampay ko sa balikat niya ang mga kamay ko.

"Ano ba?" asik ni Mitch sa akin. "`Baho ng kamay mo." Napasubsob siya sa tagiliran ko. Sinikap niyang tumuwid. Nakatuwid naman pero nakahawak pa rin ako sa balikat niya.

"*Kish* mo `ko," sabi ko. Alam ko ang sinabi ko. Alam kong kalandian iyon. Wala akong pake. Gusto kong landiin si Mitch.

"Ha?"

"*Kissh* mo `ko. `Yong… *Prenshhh*." Ibinuka ko ang bibig ko. Parang kulang pa. Kailangan bukang-buka. "Aaaaah."

Biglang napunta sa gilid ko ang isa kong kamay. At ang isa pa. Kumalas sa hawak ko si Mitch.

"Gago naman ang nag-park dito," maktol niya. "`Tapos ambaho pa rin. Ano'ng ginawa mo, Bee?" Para siyang tumatangis.

"Kaya ko `to *ilabash* dito, `kala mo," sabi ko. See, alam ko ang nangyayari. Walang talab sa akin si Johnnie. "Akin na'ng *shushi*."

"*Shushi*? Gusto mo ng sushi? Gawin kitang sushi, gusto mo?"

Tawang-tawa ako kahit hindi ako kinikiliti. "Ayaw mo pa *kashe* `kong halikan."

"Ba't kita hahalikan, amoy-tae ka?"

"Hindi ka ba marunong? Tuturuan kita, magaling ako sa *Prensh kisshhh*."

"Uy, thank you!" bulalas ni Mitch.

"You're *welkam*." Bigla akong nasilaw. May umilaw sa unahan. Bigla na ring umi-start ang makina ng pickup. At umandar na kami.

"Ihahatid na kita, ha," sabi ni Mitch sa akin.

"Ayoko pa. *Kishhh* muna pa." Tsup. Tsup.

Tsup.

"Tigilan mo nga `yan. Sa `kin mo pa naisipang pahalik."

"Baka *kashe* kaya ka iniiwan ng mga *tshuktshak* mo *kashe* hindi ka marunong *mag-kishhhh*." Inabot ko ang leeg niya.

"Bee, ano ba? Tama na!"

"I *kenaaaat*. I looooove you *kashe*!"

"Ha?"

"*Yeshh*. *Evershince* the world began."

Hindi na nagsalita si Mitch.

Hindi paaawat ang deklarasyon ko. "I loooove your *eyesh*, you're like *shad* and then you *shmile* and you look happy. You don't *desherve* those lashes though, dapat *sha* `kin yan, eh. `Pag nagka-baby tayo, ha, ganyan dapat. I looove your body! *Sshooo shekshi* make me *sho* hooorny, honey—" Inilipat ko sa hita ni Mitch ang kamay, hinimas iyon pataas. "*Oopsh!*" Tumawa uli ako. "`Di pa tayo close." Ipinarada ko ang palad ko malapit sa singit niya. "I want to be close. You want? You want?" Unti-unti kong pinaandar ang

galamay ko.

Dinampot iyon ni Mitch, ibinalik sa kandungan ko.

"Mahal na kita talaga, hindi mo lang alam," sabi ko pa. "Lahat na ginagawa ko para *sha `yo*, lahat na *shinashabi* ko, may ibig *shabihin* `yon, `kala mo. *Tash pini-friendshone* mo lang ako. `Di you ba alam, ako `yong totoong nagmamahal *sha* `yo, dati pa. *Nashabi* ko na, `di ba? *`Nywaysh*, I love you talaga. Hindi ako natatakot mahalin ka kahit *mashashaktan* lang ako o *mashishira* lang ulo ko. Matagal na `to *shira*. *Shirang-shira* na sa `yo."

Huminto ang pickup. Bumaba si Mitch, binuksan ang pinto, pinababababa na ako. "Halika na. Kaya mo bang tumayo?"

"I love you," `kako.

"Baba na."

"Totoo `yan. Hindi ako *lashing*. Mahina `yon si Johnnie, walker lang. Si Andy dapat, player!" *Hihihihi.* "I'm *shooo* funny. You should love me."

"Halika na." Kinuha ni Mitch ang braso ko.

"Wala ako *shoeshh*. *Shan shoshoeshhh* ko?" Kandalinga ako paglapat ng paa ko sa lupa.

"May tae shoes mo. Nagkalat ka pa sa oto ko," sabi ni Mitch.

"`Tinapon mo *shoeshhh* ko! Bad ka!"

# chapter three

Naka-uniform si Bee. Pang-TikTok na maong shorts, loose crop top. Ang naiba lang sa usual nitong getup ay ang Birkenstock na tsinelas.

*Baka nangangamoy pa rin ang sneakers,* sa loob-loob ni Mitch. Itinawag niya ang tungkol sa sapatos kina Karen at dinala na raw kina Bee ng maid ng mga iyon.

Nakatali lang sa likod ang buhok ni Bee, hindi rin naka-makeup pero ang kilay ay parang ginamitan ng stencil o kaya ay ipina-drawing sa engineer. Hindi pa katerno ng buhok—black hair, brown kilay. Ayos.

But she was pretty enough, makinis ang balat at mas mukha rin itong bata kaysa sa

totoong edad. Dahil sa porma at attitude. Delayed ng isang dekada ang maturity ni Benita Sablay.

"H-hi. Good morning." Obvious na nahihiya ang bati nito. Nakatayo ito sa harap ng isang washing machine at parang gusto nang sumampa sa loob niyon kasama ang mga labada, hindi makatingin sa kanya. Naiintindihan naman ni Mitch kung bakit at gusto niyang mailang.

He just murmured, "`Morning." Ibinaba niya sa sahig ang dala-dalang laundry basket na umaapaw sa labahin.

"Bakante `yang dulo," turo ni Bee sa hilera ng mga washing machine at dryer.

Binuksan ni Mitch ang washer at inumpisahang isalpak doon ang mga damit. Kailangan pa niyang ihiwalay ang de-kolor sa puti dahil nangungutim ang huli kapag pinagsama. Naghanap pa siya ng bakanteng machine at doon ikinarga ang mga puti.

"Upuan, o." Isinudlong ni Bee ng paa ang isang maliit na plastic stool.

Naupo doon si Mitch, ipinagpatuloy ang ginagawa. Mayamaya, inaabutan na siya ni Bee ng sachets ng liquid detergents at fabric conditioner, tigdalawa. Binigyan din siya ng gunting. He murmured, “Thanks,” and took the items.

It was another Wednesday morning, schedule ng paglalaba ni Mitch. The exchange between him and Bee was supposed to be their usual also. Not today. Asiwa na. Hindi na yata sila babalik sa dati. Hindi na niya maiiwasang isipin na lahat ng ginagawa, sinasabi, pati porma ni Bee—kasama na ang kilay, ay may ibang kahulugan para dito. She said so herself, last Sunday evening, noong lasing ito.

He could not dismiss it as just being drunk. Matagal na niyang alam na ang mga lasing, nagsasabi ng totoo. Tinatanggal ng alcohol ang inhibitions at control ng isang tao, nawawala ang mga depensa. Kaya kung ano man ang lumabas sa bibig niyon, iyon ang totoong nararamdaman. Iyon din ang dahilan

kung bakit ang mga inuman, kadalasang nauuwi sa away. Iyong mga hindi masabing sama ng loob sa mga katropa kapag walang tama, nasasabi kapag nakainom na.

"Ako na maglilipat sa dryer?" Nakagawian na rin ni Bee ang magtanong ng ganoon at sasagot si Mitch ng nakagawiang, *"Sige, please."* Dahil kadalasan ay wala siyang oras para bumabad sa Laundromat ni Bee. At sasagot na sana siya ng ganoon kung hindi naalala ang mga underwear niya.

"A-ako na." Hindi naman sa judgmental siya pero ngayong alam na niyang may gusto sa kanya si Benita, hindi na siya komportableng ipaubaya dito ang mga panloob niyang saplot. Nakaka-conscious na. Baka mamaya, inuurirat pala ni Bee ang mga iyon. Noong isang linggo lang, wala siyang pakialam makita man at mahawakan nito ang mga briefs niya at boxers. Walang malisya.

Pero meron pala. And he honestly wished he could bring back those times. He liked her. She was vivacious, friendly. Magaan kausap,

puwedeng biruin. May mga pagkakataon ding naaasar siya dahil masyadong makulit at opinionated. Natural lang naman iyon sa magkakilala at magkaibigan na ring maituturing.

Hindi man sila close friends na masasabi, halos araw-araw naman silang nagkikita dahil sa iisang village sila nakatira.

"Babalikan mo na lang?" sabi nito.

"Oo," aniya para lang matapos na ang usapan. Isinara na niya ang maliit na drawer na lalagyan ng sabon at fab con. "Sige." Dumeretso na siya sa pintuan. Mabigat ang mga hakbang niya. Nanghihinayang siya sa maganda sana nilang samahan. Why did she have to ruin it all?

ITINAPAT ko ang magnetic card sa machine at saka dinutdot ang settings. Iba na. Iba na si Mitch. Dati, tatambay pa siya sa labahan, hihintayin nang ma-dryer ang mga damit, magtsitsikahan kami tungkol lang sa kung anu-ano—panahon, mga kapitbahay,

showbiz, movies. Minsan, religion at politika. Magtatalo kami, mag-aasaran.

*Wala nang gano'n ngayon.*

Kasalanan ko. Bakit kasi ako nagtapat ng pag-ibig? Totoo nga ang sinasabi ng mga paham sa Facebook: sa isang iglap, puwedeng magbago ang lahat sa buhay.

"Naman." Padabog akong naupo sa trono ko sa likod ng counter. Nangalumbaba ako doon. Kapag naiisip ko ang mga pinagsasabi ko kay Mitch noong Linggo ng gabi, nag-iinit pa rin ang mukha ko at bigla akong pinagpapawisan. Kahihiyan talaga.

Ayoko nang isipin kaya kinuha ko sa drawer ang cell phone ko. Nag-scroll ako sa Facebook. Bigla akong nag-panic. Naka-*see first* si Mitch sa akin pero wala akong nakitang post niya. Baka in-unfriend na ako?

*Sinearch* ko agad. Nakahinga ako nang maluwag. Wala lang siyang bagong post pero friends pa kami.

Sa Facebook nga lang.

Sa totoong buhay, hindi na. At… paano

kung hindi nga ako in-unfriend pero in-unfollow naman? Paano ko ba malalaman? Dapat kasi may notifs din, so and so unfollowed you ten hours ago. Kaso ang sakit siguro.

Eh, masakit na rin naman ang nangyayari sa totoong buhay. Parang wala nang kabalak-balak si Mitch na kausapin pa ako.

"Ano'ng gagawin ko?" tanong ko sa cell phone habang nag-i-scroll. Huminto ako sa status ko noong nakaraang Biyernes.

Selfie ko iyon pagkatapos maligo.

Caption: *My eyebrows hate you.*

Hindi pa ako nagpapa-threading uli, halos magdikit na ang mga kilay ko at out of shape. Mayroon iyong fifty-two reactions and five comments. Isa sa commenters si Mitch. Ang sabi, *`Di ba higad yan?*

Siyempre may reply ako: *Hate you.*

Pa-cute. Kilig na kilig pa ako dahil bihira namang mag-comment si Mitch at isa iyon sa mga inaabangan ko bawat araw. Pake ko sa iba kong friends? Si Mitch lang ang importante sa

FB ko.

In-screenshot ko ang exchange na iyon para ma-preserve nang husto ang alaala dahil mukhang iyon na ang huli naming interaction as friends.

May dumating na panibagong customer, si Buena. Suki na rin kaya alam na alam kong hindi lang umaapaw ang labada niya, siksik din. Pagkatapos ay pagkakasyahin sa isang washer dahil ayaw magbayad ng doble. Hirap tuloy ang washing machine umikot at ewan kung nalilinis pa talaga lahat ang labada.

"`Yang gitna," turo ko.

"Bakit sambakol ka?" tanong ni Buena, hindi taga-village pero born and bred sa Fairview, kung saan naroroon ang Verdalla. Sa isang facial centre nagtatrabaho si Buena, taga-facial, taga-wax, at kung anu-ano pa. Minsan na niya akong nahawakan. Ambigat ng kamay.

"Sambakol ba `ko?" balik-tanong ko.

"Oo." Isinalpak na niya ang mga labada, hindi na binuka at ipinagpag man lang ang

mga damit.

"Baka may kahoy na naman d'yan," paalala ko. Isang beses ay bigla na lang nangalampag ang labada niya. May nasama palang kahoy, project daw ng anak.

"Wala. Tsinek ko na." Isinara niya ang washer, lumapit sa counter at kumuha ng sabon at fab con sa tray doon. "Parang mas mabango talaga `tong Surf kaysa Downy."

"Pareho lang `yan. Tatluhin mo na kasi para bumango labada mo."

"Hindi ka lang sambakol, masungit ka rin. Meron ka?" aniya.

"Wala. Ilan kukunin mo?"

"Sa'n gunting mo?"

"Nand'yan yata sa table." May mesa sa sulok para patungan ng mga hinangong labada at may mga upuan din para sa mga type maghintay. Nasa ilalim niyon ang mga plastic laundry basket, puwedeng hiramin ng mga customer na tagamalapit lang. "Ginamit ni Mitch kanina, eh."

"Uyyy si Mitch!" tili ni Buena. "Kakaalis

lang?"

"Mga seven minutes," `kako.

"Sayang." Nahagilap ni Buena ang gunting. "Ikukumusta ko sana si Doktora." Amo niya si Doktora Lou, ang may-ari ng facial centre. Ex diumano ni Mitch ang dermatologist.

Seryoso na daw diumano ang relasyon ng dalawa na nangyari more than three years ago, so ibig sabihin, bago pa kami dumating sa Verdalla. Nakita ko na ang doktora dahil sa facial centre niyon ako nagpapalinis ng mukha. Hindi naman kagandahan. Maayos lang manamit, mukhang kagalang-galang, makinis. Siyempre. Pero ayon sa tsismis ni Buena, nabura daw ang ganda ng doktora noong boyfriend si Mitch. Maski ano daw ang ipahid sa mukha, hindi mawala-wala ang pimples. Nangitim, namaga ang eye bags. Muntik na nga daw malugi ang clinic dahil nahihiyang magpakita sa mga pasyente at customer ang doktora.

Kasi naman daw pala, takot na takot si

Dra. Lou na maagawan ng boyfriend o ipagpalit ng boyfriend. Chick magnet masyado si Mitch. Hinahabol talaga, at nang malantad sa mga tao ang relasyon ng dalawa, ang dami raw umaway sa kawawang doktora—nang-away at nang-asar. May death threats pa daw!

Napraning ang doktora at hindi lang death threats ang pinaniwalaan. Mas natakot daw doon sa mga nagsasabing aagawin si Mitch. Kesyo rin daw may anak na si Mitch kay ganito-ganoon. Lahat iyon, dinibdib ni Doktora. Pero ang pinakamasaklap daw ay iyong mga messages at comments sa FB at Instagram na nagsasabing chaka naman pala ang GF ni Mitch.

Hindi na nakayanan ng doktora ang pressure at stress, nakipag-break daw kay Mitch. Pero after two weeks, nakipag-usap daw kay Mitch. Sabi daw, friends na lang sila. With benefits.

Pumayag naman daw si Mitch. Pero kalaunan, umiwas na raw kay Dra. Lou

hanggang tuluyan nang maglayo ang landas nila.

At naitsismis iyon lahat ni Buena sa akin dahil very vocal naman ako na crush ko si Mitch. Pero ang tagal na, simula pa nang lumipat kami ni Tita sa Verdalla. Ibig sabihin, hindi na simpleng crush ang feelings ko. Love na. Baka umpisa't umpisa, love na talaga.

Love at first sight.

"`Sabi ko naman sa `yo, `wag mong jojowain. Tingnan mo, sambakol ka na ngayon. Kunot ka ngayon," komento ni Buena habang ginugupit ang sachets.

"Hindi ako nakakunot. Marami lang talaga akong kilay at uso `yan. Pero kung sambakol talaga ako, hindi dahil jowa ko na si Mitch," sabi ko.

"Kasi nga ang gusto mo, seryosohan. Hindi nga pupuwede sa gano'n si Mitch dahil masasaktan ka lang. Walang tumatagal do'n. Sa tagal ko nang kilala `yang si Mitch, aba'y talo pa ang artista sa dami ng fans. `Pag nalaman nila na may jowa, naku, kinukuyog.

Maniwala ka. Totoo ang nangyari kay Doktora. Para siyang kinulam."

"Kasi naman naturingan siyang doktora, `paka-insecure niya. Ba't niya pinansin ang mga naninira? Ba't siya nagpaapekto?" paninisi ko sa biktima ng pag-ibig.

"Kasi nga, sobra-sobra. Hindi niya na magawang deadma-hin. Grabe talaga. At `yan namang si Mitch, ang ugali n'yan, walang pakialam. Tipong ang dami mo na ngang naririnig na kung anu-ano, `yong boyfriend mo pa, bigla-bigla na lang nawawala nang walang paalam. Susulpot kung kailan maisipan. Paano ka hindi maaapektuhan, aber?"

"Sana nagtiwala siya." Bumaba ako ng stool ko, itinapat sa washer ang magnetic card. "Hihintayin mo ba?"

"Oo, wala akong gagawin sa bahay, eh. Day off ko, hindi ba obvious?"

"Maglinis ka," sabi ko. Hindi ako sigurado kung gusto kong nakatambay sa labahan si Buena o hindi. Minsan kasi, nakakaasar

siyang kausap, feeling madaming alam sa buhay. Madaming alam pero mga artista ang gustong paksa—mga artista at mga teleserye. Magkukuwarenta na pero fan pa ng K-pop.

"Katamad. Huy, pa-power peel ka, may promo kami ngayon. Tanggal `yang mga itim-itim mo d'yan." Dinuro pa talaga niya ang pagmumukha ko.

"Wala akong itim-itim, ah," tanggi ko.

"Meron. Saka `yang guhit-guhit sa mata mo. `Wag mong pabayaan `yan, naku, magsisisi ka. Tingnan mo `ko. Hindi ko pinansin dati. Ngayon, malalim na."

"Sa Pasko," sagot ko na lang at bumalik na ako sa trono ko. "`Sungit mo talaga, girl. Ano ba'ng problema? Si Mitch nga?"

Nangalumbaba ako. Pinagmasdan ko si Buena. At nasumpungan ko na lang ang sarili ko na nagkukuwento.

"Hala ka!" Humagalpak si Buena. "Nagtapat ka talaga?"

"Kung puwede nga lang bawiin, eh,"

`kako, sabay buntong-hinga. "Kung puwede lang ding kalimutan. Kaso kailangan kong maging totoong alcoholic bago ako magka-amnesia." Dahil kahit naman lasing na lasing ako noong Linggo ng gabi, tanda ko pa rin ang lahat ng nangyari.

"Umiiwas na siya ngayon?" susog pa ni Buena.

"Parang gano'n. Hindi na siya friendly."

"Baka may iniisip lang. May sakit kasi ang papa niya, `di ba?"

"Noon pa naman `yon, tanggap na nila. Hindi naman nagbago ang turing niya sa `kin no'n. Ngayon lang. Ang lamig-lamig niya na. Wala man lang ngiti. Dati, lumalapit pa lang siya d'yan sa pinto, nakangiti na."

"Eh, di…" Lumapit sa counter si Buena, ipinatong rin doon ang mga braso. "Hindi ka type. Kung type ka, dapat matutuwa `yon sa nalaman, `di ba?"

"Naniniwala na `ko, hindi ka totoong kaibigan." Buhusan ko kaya ng bleach ang labada niya kapag nakalingat siya?

Humagalpak uli si Buena. Ang sakit sa tainga ng tawa niya, parang mangkukulam na hindi mapaihi. Sabay hinto. Hinampas ang countertop. Nayanig ang mga Downy.

"De mas maganda, alam na niya!" sabi.

"Ano maganda do'n? Ni ayaw na niya `kong tingnan. Saka nakakahiya talaga."

"Wala ka nang magagawa sa hiya. Kapalan mo na lang mukha mo, total, nand'yan na. Panindigan mo na lang."

"Panindigan?!"

"Oo. Gawan mo ng paraan. Sus, parang `yong asawa ko. Isa lang naman ang gusto ng mga lalaki. Gusto nila, sila ang priority, at the same time, gusto nila na lagi silang kailangan. Gusto nila `yon, `yong feeling na may silbi sila sa mundo. Kunwari, may problema ka, kailangan mo tulong niya. Mga gano'n. `Yong asawa ko, dinramahan ko lang noon na takot akong umuwi mag-isa sa gabi, aba, kahit may gagawin pa, sinusundo ako."

Parang gusto ko ang naririnig ko. "*Ganun?*"

"Oo. Ganito gawin mo, ha…"

# CEO *Hires a Wife*



ROSE TAN

# CEO
# *Hires a Wife*



ROSE TAN

# Chapter 1

STEVE was gone forever. Sa isang iglap, wala na ito. Ang matalas na isip, ang malusog na pangangatawan, ang mga plano, ang mga pangarap. Lahat iyon, wala na. Nito lamang Miyerkules ng madaling-araw, gumising si Steve at gaya ng nakagawian, tumakbo sa Vermosa Sports Complex. Ayon sa staff na nakakita dito, wala man lang daw premonisyon. Steve was his usual self—driven but down-to-earth.

Bandang alas-siyete ng umaga, base sa CCTV footage at sa log ng electronic key, nasa condo unit na si Steve. He probably took a cold shower, Carmine thought. A really cold one. Bagong wellness fad iyon na pina-

practice ni Steve. Apparently, shocking your body with a cold shower or ice bath promotes good circulation, improves lung function, sharpens the brain, strengthens the immune system, among others. Obsessed sa mga usaping-pangkalusugan si Steve.

The System was Steve's idea. Sixteen years ago, they were a couple of Ateneo grads who had no idea what to do with their lives. And trust fund. Parehong hindi negosyante ang pamilya nila. Steve came from a family of doctors, which explained his best friend's obsession with health. Kapwa surgeons ang magulang nito. Siya naman ay anak ng dating beauty queen turned supermodel at recently ay lifestyle and beauty vlogger na si Maria Timbol. His father, the late James Ackerman Roth was an international lawyer. Carmine was an only child, and he was expected to follow in his father's footsteps. Ang tinapos niyang kurso ay preparasyon para sa law school. Iyon din ang kurso ni Steve, trip daw mag-abogado para maiba naman. Pero unang

semester pa lang sa law school, burnt out na sila pareho.

Nagdeklara siya ng sabbatical at nag-backpacking sa Himalayas. Namangha si Steve sa lakas ng pangangatawan ng mga Sherpa doon. Nakakahinga nang maayos ang mga iyon kahit nasa bundok ng yelo samantalang sila ay kailangan ng oxygen mask. One particular guide blew Steve's mind. The Sherpa was seventy-five years old. Bukod sa mukha iyong bata nang dalawang dekada sa tunay na edad, napakalakas pa ng katawan, maliksi, matalas ang mga mata, solid pa ang mga muscle.

Ganoon daw dapat, sabi ni Steve noon. Hindi na baleng tumanda basta malakas ang katawan at walang sakit. Aaanhin daw ang mabuhay hanggang isandaang taon kung hindi mo naman kayang maglakad mag-isa? Sang-ayon naman si Carmine doon. And their quest for longevity started.

Next stop nila ang Okinawa. Mahahaba raw ang buhay ng mga tao doon. Indeed.

Pagbalik nila sa Pilipinas, may bitbit na silang ikigai—a reason for living. The System was born. An all-in-one health club. Iyong bahay na pinauupahan ng pamilya niya sa Ayala Alabang ang nirentahan nila. They hired dieticians, physiologists, all kinds of fitness instructors. Their trust fund were depleted. Baon pa sila sa utang.

Pero iyon ang ikigai nila. Hindi sila sumuko. It turned out, it was the right time. Nakasabay nila ang pag-usbong ng social media. They were smart enough to use it to their advantage. They started blogging about longevity and fitness, nasundan ng sarili nilang YouTube channel. Pinag-aralan nila kung paano sumikat si Justin Bieber, in-apply nila sa kanilang channel, and in just over a year, they earned a decent number of loyal followers. Ginamit nila ang kinikita ng videos nila para maipagpatuloy ang operasyon ng facility sa Alabang. Nang magkaroon ng Instagram, lalo pang nakilala ang The System. At sila ni Steve, binansagang "influencers."

Itinuring silang celebrities. They didn't mind, lalo na kung ang ibig sabihin niyon ay mas marami silang mae-encourage na baguhin ang lifestyle, gumalaw, at kumain nang tama.

Their finances grew exponentially. Mayroon na silang facilities sa Batangas, Baguio, Cebu, at Davao. Napuntahan na nila ang mga ibang "Blue Zone" areas kung tawagin, mga lugar kung saan mahahaba ang buhay ng tao. Ginagawa pa nila ang kanilang latest project—libro tungkol sa mga natutuhan nila sa mga travels nila. Hindi na alam ni Carmine kung matutuloy pa iyon. Kailangan. Iyon ang gusto ni Steve. Pero sa kanilang dalawa, mas marunong magsulat si Steve. Carmine would need a really good ghostwriter.

Dahil wala na si Steve.

Steve planned to live up to a hundred. Steve did everything to ensure that. He wasn't just physically fit, Steve was also fit mentally, emotionally. He was a great friend. He was the brother Carmine never had.

A fucking freak accident.

Hirap na hirap si Carmine na tanggapin iyon. It was absurd. Anong klaseng biro iyon? Steve didn't deserve to die that way.

Steve tripped on his shoelace, tumama ang ulo sa granite top ng kitchen island. Akala ni Steve okay lang. Nakababa pa ito papunta sa garahe ng condo, nailabas pa doon ang kotse. Pero may naramdaman sigurong kakaiba sa ulo, nagpasyang pumunta sa pinakamalapit na ER.

Kagigising lang ni Carmine nang matanggap niya ang balita buhat sa kanyang chief of staff. Comatose daw si Steve. By Friday evening, Steve was dead. Carmine wiped his tears. Ipinatong niya ang kamay sa ataul ng kaibigan.

It felt like a joke, the absurdity of it.

Pero hindi iyon biro.

Puwede mong gawin lahat ang tama para humaba ang buhay mo at manatiling malakas at malusog ang pangangatawan at isip. Pero wala ka pala talagang magagawa kung… oras

mo na.

Walang nakakaligtas sa kamatayan at maaari iyong dumating kahit anong oras. It did not matter to Death that you're healthy and young and full of energy. Like Steve, Carmine could die anytime. At kung mangyayari iyon, sino pa ang magpapatuloy ng mga adbokasiya nila? Kanino niya maipagkakatiwala ang kompanya? Simula't sapul ay sila ni Steve ang nagpapatakbo ng negosyo. Hands-on sila. May dalawa pang kapatid si Steve pero may sariling propesyon ang mga iyon. Sa mga balikat ni Carmine napunta ang pangangasiwa sa lahat.

Nitong huli ay napapag-usapan na nila ang pagpapamilya. Ang biruan nila, sayang ang bloodline. Importante din na ikalat nila ang lahi nila. Kutob ni Carmine ay naiisip iyon ni Steve dahil gusto na nitong pakasalan ang girlfriend na si Rina. Hindi lang siguro maderetso sa kanya dahil alam ni Steve ang stance niya pagdating sa pagpapakasal.

Carmine didn't believe marriage was for

him. He was too restless, he doubted that he'd be able to settle in one place. He was adventurous and he had the money to finance his adventures. Bakit siya mag-aasawa? Overrated ang pagkakaroon ng kasama sa buhay, kung siya ang tatanungin.

Pero ang pagkakaroon ng anak, ibang usapan pala. Na-realize niya iyon habang nakamasid sa kaibigan na nasa ataul. Suddenly, he wanted to procreate.

I need an heir.

Si Steve, bagaman mananatili sa puso at alaala nilang mga nagmamahal dito ay hanggang doon na lang ang buhay. Walang anak na nagtataglay ng dugo nito at genetic makeup. Nasa anak o mga anak ang totoong immortality. If he wanted to live forever, he must procreate.

At hindi lang dugo niya ang mananatiling buhay at mananalantay sa magiging anak niya at mga apo, maging ang pangalan niya.

Carmine Roth.

His firstborn could be a girl, pero okay

lang. He would have a second, a third—kahit umabot pa sa isang dosena.

Pero para maisilang ang kanyang tagapagmana o mga tagapagmana, kailangan ng mga iyon ng ina. Wala talaga siyang balak magpakasal. He loved his life, his freedom. Ayaw niyang matali kahit kanino. Madali siyang masakal at mainip sa isang bagay.

Bakit siya mag-aasawa at magtitiis sa isa lamang babae kung puwede niyang matikman lahat, kahit sabay-sabay pa?

Isa pa, sa mga naobserbahan niya, narinig, at nabalitaan, ang mga babae kapag pinakasalan na, nag-iiba ang ugali. Ang mga masiyahin at kalog, nagiging moody. Ang mga santa, nagiging maldita. Ang mga maunawain, nagiging nagger.

Pero gaano man kasidhi ang disgusto niya sa paglagay sa tahimik, kailangan pa rin niyang gawin para magkaroon siya ng future generation. Hindi puwedeng anak lang sa pagkabinata. Paano kung itago sa kanya ng nanay? At ang alam pa niya, kapag hindi kasal

ang magulang, laging nasa ina ang custody ng bata. Paano sila magiging close ng magiging anak niya kung ganoon? Paano niya masusubaybayan nang mabuti? Paano niya sasanayin sa lifestyle na gusto niya? Paano niya tuturuan ng mga nais niyang ituro kung wala sa poder niya?

To have the child he wanted, he must marry its mother. That way, mas kontrolado niya hindi lang ang bata, pati ang ina niyon. Madali niyang makikita kung may mali sa pag-aalaga at maitatama agad niya. Kaysa iyong dadalawin lang niya at susustentuhan.

There was no arguing about it, he needed a wife. Pero hindi ordinaryong maybahay. Ang kailangan niya ay maybahay na hindi magiging nagger, demanding, at selosa. Iyong submissive at susunod sa mga patakaran niya. Kailangan din, malusog ang pangangatawan, walang sakit, not even PCOS, hindi rin dapat psychotic at neurotic.

Saan siya makakahanap ng babaeng ganoon? Palaban na ang mga babae ngayon,

ayaw nang nirerendahan at pinapangunahan. May mga sarili pang career at ambisyon. Hindi naman sana masama at walang kaso sa kanya, nagkataon lang na hindi ganoon ang kailangan niyang maybahay.

Paano?

Easy.

He had money, bibili na lang siya ng asawa.

He figured that a "bought wife" would never be jealous, would never nag, would never demand for anything.

Perfect wife.

At ang pinakaimportante, ang asawang bibilhin lang niya, tiyak, walang gusto sa kanya. Mahirap kung iyong mga may gusto sa kanya ang pipiliin niya. Magde-demand talaga ng atensyon ang mga iyon at baka tratuhin pa siya na mas importante kaysa anak. The wife he had in mind should be able to just ignore him at magpo-focus lang sa anak nila. And he was determined enough to know that somewhere out there was the

perfect bride for him.

Hahanapin niya. At bibilhin.

SIX MONTHS LATER…

"FIELD TRIP ba ito?" tanong ni Chat, personal assistant ni Carmine. Akala niya kaya pa rin niya ang mga trabaho kahit wala na si Steve, mahirap pala, lalo na at gusto niyang pagtuunan ng pansin ang paghahanap ng asawa. Kailangan niya ng assistant. Sa apat na buwan, nakatatlong PAs na siya. Mga babae ang mga iyon. Ang una, gusto lang palang palaguin ang sariling YT channel, ginagamit siya at ang The System. Ang pangalawa, Gen Z na sensitive pa sa bagong opera. Ang pangatlo, laging kakaunti ang damit, gusto pang makitulog sa condo niya isang gabi. Itinawag niya ng Grab at sinabihang huwag nang mag-report kinabukassan.

Si Chat ang pang-apat. So far, so good. Pinakagusto niya ito kahit sarcastic at parang handang makipag-away anumang oras. Siga.

Lesbian. Pormang lalaki. Pati ang katawan, parang sa lalaki na. Lalaking malambot. Parang sinadya ni Chat na tumaba para mawala ang hubog ng baywang at balakang. Sabi noong interbyuhin niya, kailangan daw nito ng pera para mapondohan ang transition. Balak uminom ng hormones para maging lalaki na. Diniscourage ni Carmine. Itinuturing niya ang sarili na kakampi ng LGBTQ+ pero hindi siya sang-ayon sa hormone therapy. Hormones were messed up as it were, kung pakikialaman pa… marami nang studies tungkol sa negatibong epekto niyon sa katawan ng tao. Ipinasa niya kay Chat lahat ng links na nahanap niya. Pero hanggang doon lang ang magagawa niya. Ang huling desisyon ay kay Chat pa rin. Tumawag ito kinabukasan. Nagbago na raw ang isip. Salamat daw. Carmine felt relieved. Dahil kung itutuloy pa ni Chat ang balak, hindi niya ito maaaring tanggapin dahil labag sa advocacy ng The System ang balak nito.

"Something like that," sagot ni Carmine.

Tumahimik lang sandali si Chat, bago. "National Museum, talaga, Sir?"

"Ano'ng masama?"

"Wala, Sir. Nagtataka lang ako." Nag-swipe ito sa cell phone. "Nakalista rin ang Planetarium… Pupunta rin ba tayo sa factory ng Gardenia, Sir?"

"Garden—what?"

"`Yong mga tinapay, Sir. Loaf. Hindi mo kilala ang Gardenia?" Hindi ito makapaniwala, pinandilatan si Carmine.

"If I'm not familiar with it, it's because I don't eat it, okay?"

"Talaga? `Kala ko pangmayaman `yon at mayaman ka, Sir… so, ano'ng kinakain mo?"

"You're asking about breads?"

"Uh, yes, Sir."

"Homemade ang mga tinapay sa bahay. I'm very particular with the kind of flour and I try to avoid preservatives." Mahirap gawin iyon. Halos lahat ng pagkain, mayroon niyon.

"Ikaw ang nagbe-bake?"

"Uh, nope. I get it from a baker I know."

"Hindi ka lang pala mayaman, Sir. Mayaman na mayaman."

Hindi na sumagot si Carmine. Nakakita siya ng magandang puwesto sa museum, iyong busy ang foot traffic. Mas marami siyang makikitang mga tao. Naupo siya sa bench. Atubiling naupo sa tabi niya si Chat. Saglit lang itong nanahimik. Bagay naman pala ang nickname na Chat, sa loob-loob ni Carmine.

Binabasa nito nang malakas ang title ng painting na tinitingnan. "Recu… recuer… do… de… patay… Patay?" Umangat nang kaunti ang pang-upo nito. "Patay nga, `kala ko tulog ang bebe. Memen—memento mori. `Kakatakot naman, Sir."

"You can read that from here?" Impressed si Carmine.

"Matang-lawin ang lahi namin, Sir. `Yong lola ko, ninety-nine na, hindi nagsasalamin. Saka ginagabi `yon sa gubat, hindi nawawala."

"Really? Where is she?"

"RIP na Sir. Three months na lang, one

hundred na. Sayang, may one hundred K sana kami galing sa gobyerno."

"Is that so?" Carmine could not believe what he was hearing.

"Pang-senior citizens `yon na incentive, Sir. `Pag daw umabot ng one hundred years old, bibigyan ng one hundred K."

"That's ridiculous. One thousand pesos per year?!" Tatawa ba siya o iiyak sa mga naiisipan ng mga taong-gobyerno?

"Masaya na do'n ang mga senior, Sir."

"How did she die?" tanong na lang ni Carmine.

"Namatay na ho kasi `yong ate niya. Sila ang mag-best friend no'n. `Ayun, nagdeklara daw na gusto na rin niyang magpahinga, sasama na daw siya kay Kakang Nanay. Mga isang linggo lang daw sabi ng pinsan namin doon, namatay na rin ang Lola Ingga."

"You're saying that she had an older sister…"

"One hundred-two* yata ang Kakang Nanay, Sir. Matagal na silang biyuda pareho

kaya sila na lang ang magkasama lagi. Ang Kaka po pala ay tiya—auntie, doon sa probinsiya namin."

Na-appreciate naman ni Carmine ang paliwanag. Nahalata yata ni Chat na hindi siya pamilyar sa salita. At na-appreciate din niya ang desisyon niyang si Chat ang kuning assistant. Chat was a breeze. She obviously came from the masses, and he was learning things he wouldn't have even heard of otherwise.

"That's interesting. Saan `yong province n'yo? Do you have pictures of your lola and kaka?"

"Sa bahay? Wala. Do'n siguro sa Mindoro, meron, pero lumang-luma na malamang. Bakit, Sir?"

"You know we're The System, right?"

Tumango si Chat. "Wellness center."

"We're more than that. Anyway, if you can get hold of your folks' old picture, I'd appreciate it."

"Gusto n'yo ng pictures ng mga lola ko?

Bakit, Sir?”

“I’m writing a book about longevity.”

“Talaga, Sir? Hindi ko pa naman kayo nakitang nagsusulat.”

“Because I’m not. The project was put on hold when my friend died. I can’t write, I need a ghostwriter.”

“Writer? Kailangan n’yo ng writer? May kilala ako, Sir!” Na-excite si Chat, lumakas ang boses.

“Sshh,” saway ni Carmine. “Just tell your friend to send me his resume and portfolio.”

“Sige po, Sir.”

“For now, please try to be quiet.” Umayos ng upo si Carmine. Hindi naman ang mga paintings ang pinapanood niya sa museum, ang mga tao—partikular na ang mga babae. He figured the perfect wife would rather be in museums than malls. At naniniwala rin siya na ang taong may pagpapahalaga sa arts and culture, malalim at matalino. He’d rather gift his wife a BenCab than a designer bag. Sa panahon ng AI, kutob niya, mas tataas pa ang

value ng mga artworks mula sa mga master. Sa mga iyon na lang makakasiguro ng originality ang mga collector.

At wala siyang makita na uubrang alukin na maging asawa niya. Ang karamihan ng mga nasa museum, kabataan, mga estudyante. Thirty-seven na siya, malamang masabihan siyang pedo or dirty old man kung kukuha siya ng eighteen years old.

"Sir?" sabi ni Chat.

"Hmm?"

"`Wag kang ma-offend, ha, pero… babae ba hanap mo?" tanong nito.

Napasulyap si Carmine sa PA. "How did you—"

"Pareho lang naman tayong lalaki, Sir. Napansin ko lang, `yong mga hinahabol ko ng tingin, hinahabol mo rin ng tingin. Naghahanap ka ba ng jowa?"

Hindi makatanggi si Carmine. "I'm looking for a wife," he decided to tell Chat. Mabuti na iyong alam nito. Baka makatulong pa.

Napanganga ito. “Sa museum.” Sarcastic na naman.

“I have a particular type in mind,” aniya.

“Mga… bagets?” nakangiwing sabi ni Chat.

“No. It’s just that I thought I’d find her here. But you’re right, these are just girls.”

“Kasi, Sir, `yong mga bagay sa age mo, nasa opisina malamang. Nagtatrabaho. Ang daming maganda do’n sa office, saka sa gym, mga sexy pa, Sir. O baka naman, natikman mo na lahat ang mga `yon?” Siniko pa siya ni Chat.

“Hindi gano’n ang nasa isip kong asawa. Okay lang na walang trabaho or career, basta pambahay. `Yong aalagaang mabuti ang anak namin.” Pumaling siya paharap kay Chat. “Ayoko ng mga babaeng pakalat-kalat sa mall at this time of the day.” Pasado alas-dose ng tanghali. “Ibig sabihin, wala silang magawa kaya sila nasa mall. At dahil malls ang pinipili nilang pasyalan, it means materyosa sila. Gastadora. Hindi puwede `yon.”

Tumango si Chat. "Naiintindihan ko naman, Sir. `Yan din nga sana ang gusto ko, pero dapat praktikal ako sa panahon ngayon. Dapat pareho kaming may trabaho. Mahal na ang bigas, Sir. At least, ikaw, kayang-kaya mo bumuhay kahit pitong asawa. Eh, ako? Nganga. Pero sa true lang, Sir, mahirap na ngayong maghanap ng babaeng pambahay lang."

"I know. That's why I'm willing to pay."

"P-p-pay? As in, babayaran mo ang babae para maging housewife? Shit, sana babae na lang ako. Pucha."

"Sshh. Watch your mouth."

"Kasi naman, Sir…"

"All I want is a child. Okay, maybe, children," aniya at ipinaliwanag sa abot ng makakaya niya ang totoo niyang hangarin.

"Shit, sana nga babae akong tunay." Ang tanging nasabi ni Chat matapos ang paliwanag ni Carmine. "Hindi na ako lalabas ng bahay, Sir. Manganganak na lang ako nang manganganak… ako na lang kaya, Sir? May

matris pa naman ako, can afford mo naman akong lagyan ng punla na hindi tayo mag-aano… magtsutsuktsak."

Napatawa si Carmine. "I don't think you'd stay at home, Chat. Maghahanap ka ng girlfriend."

"Titiisin ko na, Sir, hanggang maging adult ang anak natin."

Nginisihan ni Carmine ang PA. "`Pag wala akong nakita."

"Curious lang, Sir. Magkano ibabayad mo?"

"One M. Plus, may monthly allowance, and a house and lot when it's time to part ways."

Napanganga si Chat. "Kung ordinaryong trabaho, hindi naman aabot sa 1M ang pension pagdating ng sixty… Puwede namang kumuha ng house and lot sa Pag-IBIG, pero ikakaltas pa iyon monthly. Monthly allowance… hindi naman lalabas ng bahay masyado… May pakotse ba, Sir?"

"Of course."

"Libre pagkain, siyempre."

Carmine nodded. "She'd have real, whole food. Organic din."

Tatango-tango si Chat. At himalang natahimik. Naglakad-lakad na lang muna sa buong level two ng museum si Carmine.

"Babalik ka na ba'ng office, Sir, pagkatapos nating mang-hunting dito?" tanong ni Chat pagbalik niya.

"Yeah, we'll have lunch first," aniya.

"Puwede ba, Sir, umuwi muna ako pagkatapos ditto? Nakalimutan ko ang bilin ng sister ko, pinagha-half day nga pala ako ngayon kasi maglilinis kami ng garahe, pauupahan daw naming, tutal, wala na kaming kotse."

"May kapatid ka pala," komento ni Carmine. "Hindi mo nababanggit."

"Hindi mo naman tinatanong. Kambal kami, actually. Only twins ng parents namin na nategi sa plane crash. O, `di ba, sosyal, Sir? Plane crash."

"I'm sorry to hear that. When did it

happen?"

"Six years ago lang, Sir. Pareho kasi sina Mama at Papa na empleyado ng DOT, lagi silang bumibiyahe. One time, galing silang Davao, pauwi na. `Ayun, biglang nagka-engine failure daw `yong eroplano. Maliit lang na plane."

"Were you able to recover their remains?"

"Opo naman, Sir. Pero sunog na sunog." Malungkot ang kibit-balikat ni Chat.

"I'm sorry. And, yeah, sure, you can take the rest of the day off."

"Thank you, Sir."

"Saan ka nga umuuwi?"

"Pasay lang, Sir. Malapit lang, isang sakay mula dito. Puwede rin akong mag-LRT."

Naglakad na sila papunta sa hagdan. "What about your sister? Is she... you know, like you?"

"Ay, hindi, sir. Tunay na babae `yon."

"Identical ba kayo?"

"Hindi, Sir."

"She's at home now," saad niya.

"WFH `yon, Sir. Introvert. Siya ang sinasabi kong writer, Sir. Ghostwriter `yon ng mga Nigerian. Minsan, fiction, minsan, mga self-help. Pati children's book, pinapatulan no'n."

"Really? Ihahatid na kita sa bahay n'yo. I want to meet your sister," aniya kay Chat. "What's her name?"

"Tempe. Temperance, Sir."

"Temperance. And you're Charity." Tatango-tango si Carmine.

"Mababait kami talaga, Sir."

# Chapter 2

MAS INTERESANTE at mas may impact pala sa personal ang boss ni Chato, konklusyon ni Tempe nang pumasok sa kanilang salas ang lalaki. Bagaman hindi kasintangkad ng inaasahan niya, taglay nito ang awtoridad at yayamanin aura na isinasaad sa mga larawan nito.

But obviously, the cameras did not capture that hint of arrogance in the way his eyes darted from things to things, people to people. Parang sinasabing, "I'm better. Much, much better." The way his lips curled into a half-amused, half-curious smile suggested a certain degree of charm and ruthlessness. Charming and ruthless, strange combination.

She couldn't categorize the man as a heartthrob, and he wasn't as pleasant-faced as the boys next door as well. Hindi rin kasingseryoso niyong mga silent type at tipong wala ring panahon sa mga kakornihan ng mga romantiko. Ito ang lalaking hindi makakaisip sumulat ng tula at love letter.

Pero hinahabol ng mga kababaihan—she knew that much from Chato. At alam na rin niya kung bakit: This Carmine Roth was dream personified.

"You have a lovely home," sabi nito matapos i-survey ang kabuuan ng kanilang salas.

"Thank you." Mabuti na lang at OC siya pagdating sa paglilinis at pag-o-organize ng mga gamit. Ang downside, kaka-obssess niya sa kalinisan ng paligid, nakakalimutan na niyang magsuklay.

Hindi niya inaasahan na kasama ni Chato ang amo kaya nang marinig niya ang boses ng kapatid, agad siyang bumaba, pawis na pawis dahil pinakikintab niya ang sahig sa itaas

gamit ang good ol' bunot. Nakasipit pa sa kilikili niya ang tangkay ng walis-tambo.

Ang suot niya ay iyon pang ipinantulog niya—flannel shorts na maluwang ang leg holes at oversized T-shirt. Agad niyang nabungaran si Mr. Roth pagbukas niya ng pinto. Huli na para ayusin man lang ang buhok niyang humulagpos na sa ponytail. Ang araw-araw niyang mine-maintain na kalinisan at aliwalas, naging disadvantage. Tiyak na kitang-kita ng boss ni Chato ang nagmamantika niyang T-zone, ang katutubo pa lang na pimple sa dulo ng kanyang ilong, ang namumuong muta sa sulok ng mga mata niya, ang kilikili niyang basa na ng pawis, maruruming kuko sanhi ng pagpapahid ng pulang floor wax sa sahig.

Pero kung bigla siyang bubuwelta, tiyak iisipin ni Mr. Roth na bastos siya. Kaya nilunok na lang muna niya ang hiya at discomfort, inanyayahang tumuloy ang panauhin matapos ipakilala sa kanya ni Chato.

"G-gusto n'yo bang magmeryenda?" Sa kapatid siya nakatingin dahil nako-conscious na siya sa ginagawang pagmamasid sa kanya ng amo nito. Iyong mga ayaw sana niyang mapansin, gaya ng basang kilikili, tiyak, nakita na rin nito.

Bakit ba kasi parang kinikilatis siya nang husto? Ang asta nito ay iyong sa isang metikulusong shopper na tila nagdadalawang-isip sa merchandise.

"Sir, gusto n'yong magmeryenda?" tanong naman ni Chato sa amo.

"Sure, sure, kung ano ang meron," sabi ng lalaki na ang tingin kay Tempe ay parang naghahamon na mag-produce siya ng meryendang may pang-Ritz-Carlton.

"Ano ba'ng meryenda ang meron?" tanong ni Chato sa kanya.

"Turon," sagot niya. Sigurado siyang napatawa si Mr. Roth. Wala siyang narinig na tawa pero iyon ang nasa mga mata nito.

"Okay `yon, saka ice-cold Coke." Nilinga ni Chato ang amo. "Masarap ang turon ni

Tempe, Sir. Espesyal."

"I'lll never pass on a banana. But no Coke for me."

"Ay, oo nga pala, hindi healthy `yon," sabi ni Chato.

"Excuse me," sabi na lang ni Tempe at nagtungo na siya sa komedor.

Espesyal naman talaga ang turon. With langka iyon at binubuhusan ng pulot, binubudburan ng dinurog na roasted peanuts. Naimbento niya two months ago sa kawalan ng maisipang gawin sa langka na iniuwi ni Chato.

Hindi niya ugaling magpa-impress. Sa katunayan ay iniiwasan niya iyon dahil ayaw niya ng atensiyon. But for some reason, she felt the need to impress her sister's boss. Because the man's manners seemed to suggest that she should try to please and impress him.

Napabuntong-hininga siya at inilabas ang latest addition sa collection niya ng mga clay plates. Hugis-dahon, green. Inilipat niya sa dilaw na rectangular platter ang mga turon.

Maingat and artistically, binuhusan niya ng honey at binudburan ng sinangag na mani. Naglabas siya ng dalawang matatayog na basong kulay kahel, ipinatong sa polka dots na coasters—green, blue, yellow, and orange ang kulay. Ang tinidor at table knife ay ipinatong niya sa table napkin na dilaw din.

Fan siya ni Martha Stewart.

Nasa salas na uli siya nang maalalang hindi pa rin pala niya naaayos ang ponytail. Too late. Inanyayahan niya sa komedor ang dalawa. Dapat na siyang umakyat at iwan ang mga ito sa turon pero hindi niya ginawa.

Gusto niyang makita ang reaction ni Mr. Roth sa preparasyon at sa turon mismo.

"This is very nice," komento nito bago maupo.

Ikinagalak iyon ni Tempe. Dahil doon, kesehodang magmukha siyang maid, tinanghuran niya ang pagsubo ng lalaki ng turon.

"Mmm, excellent!" deklara ng 'judge.'

At nalaman ni Tempe ang pakiramdam ng

nakalutang sa alapaap.

"Mahusay talagang magluto ng kung anu-ano si Tempe," pagmamalaki rin ni Chato.

"Kaso wala na yata akong pang-take home," sabi pa ni Carmine Roth. Medyo nagba-brown ang wavy nitong buhok. Kasi nga siguro, European naman daw ang ama. At ang ina ay si Maria Timbol, pina-follow niya sa social media ang dating supermodel. Nakakainggit dahil super ganda pa rin kahit sixty plus na.

Tumawa si Chato. "Hayaan mo, Sir, sa Monday, dadalhan kita." Nilinga nito si Tempe. "Luto ka uli nito, sa Linggo."

Naalala ni Tempe ang ponytail. "O-oo. Excuse me." Umakyat siya sa itaas, deretso sa kanyang silid. Nagsuklay siya at kinuskos ng tissue ang mukha. Hindi siya nagpolbo dahil ayaw naman niyang masabing nagpaganda siya para kay Mr. Roth. Iyon din ang dahilan kaya hindi siya nagpalit ng damit. Tinuyo na lang niya ang kilikili at nag-apply ng kaunting antiperspirant.

Palabas na uli siya ng silid nang maalalang hindi pa siya naliligo kaya it was possible na… Naupo siya sa kama sininghot ang pagitan ng mga hita.

Hindi na sariwa.

Bitbit ang fresh underwear, nagpunta siya sa banyo sa pagitan ng silid nila ni Chato. Nagpa-fresh siya doon. Pagbaba uli niya, medyo confident na siya. Ubos na rin ang turon. Nagko-Coke na si Chato, ang amo ay tubig lang ang tinitira. Pinag-uusapan nga mga ito ang garahe na lilinisin nila ng kapatid.

"I can help," sabi ni Mr. Roth na ikinagilalas nila.

"Ho? Naku, `wag na, Sir. Maaalikabukan ka," sabi ni Chato.

"An extra hand won't hurt. Kawawa naman si—" Nilingon siya ni Mr. Roth. "Tempe. Mukhang kanina pa naglilinis. Nagluto pa. Besides, I feel I ought to return the favor."

"Favor?" ani Tempe.

"The turon was great." Ngumiti ito.

Although mapuputi at pantay ang mga ngipin nito, hindi iyon ang remarkable sa ngiti. It was the way the smile was formed. Parang bumagal ang orasan at nakita niya ang buong proseso ng pagngiti—ang pag-awang ng mga labi, ang paglitaw ng ngipin, ang pagkurba paitaas ng sulok hanggang makarating sa mga mata. Ang resulta, ngiti na parang laan lang talaga sa kanya.

"Pero nakakahiya talaga, Sir. Madudumihan ang damit n'yo. Maalikabok sa garahe," giit ni Chato.

"Ano ba ang balak n'yong gawin do'n?" tanong ni Mr. Roth. Parang interesado talaga ito, at the same time ay dini-dismiss ang pagtanggi ni Chato.

"Pauupahan. Palalagyan ng pinto at isang bintana sa gilid, saka maliit na banyo. Kaysa naman nakatengga lang d'yan, pakinabangan na lang. Binenta na lang namin `yong kotse no'ng mamatay ang parents namin, tutal, luma na. Mas magastos pa pa ang maintenance. Hindi rin naman nagda-drive

`yang si Tempe."

Tumingin uli kay Tempe si Mr. Roth. "Hindi ka nag-aral mag-drive?"

"Nag-aral din ho pero hindi ko ho gusto."

"Hindi mo gustong magmaneho?" Parang tuwang-tuwa ang lalaki sa narinig.

Tumango si Tempe. Para sa kanya ay mas masarap magbiyahe kung puwede niyang panoorin ang paligid o kaya ay magmuni-muni o kaya ay mag-solve ng crossword puzzles.

Biglang tumayo na si Mr. Roth. "What are we waiting for? Let's start."

"S-sigurado ho kayo, Mr. Roth?" ani Tempe.

"Call me Carmine."

"O-okay, po, Carmine."

"Drop the po. You're making me feel old."

Tumango si Tempe.

Pumalakpak si Mr. Roth—este, Carmine, inayos ang tupi ng long sleeves. Puting-puti iyon, kawawa kapag nadikitan ng mga alikabok. Pero makulit, eh, di pagbigyan.

"Samahan mo na siya sa garahe, Chato. Ihahanda ko ang mga gagamitin," aniya.

Pagkalabas ng dalawa ay inilagay niya sa malaking bucket ang mga basahan, pang-scrub, at iba-ibang klaseng walis. Isinalpak din niya sa gripo sa lababo ang hose, pagkatapos ay initsa ang karugtong sa labas. Hihilahin na lang niya papunta sa garahe.

Nakapamaywang sa gitna ng garahe si Carmine.

"Are you sure na kailangan pa itong linisin?" tanong nito pagkakita kay Tempe. "Ang linis pa ne'to. Ito lang ang nakita kong organized na garahe sa buong buhay ko."

"Addict sa paglilinis si Tempe," sabi ni Chato.

At iyon ang madalas nilang pinag-aawayan ng kapatid. Mas malala pa sa tipikal na lalaki si Chato pagdating sa pagkaburara, parang generator ng basura. Para itong ahas kapag nagpalit ng balat—kung saan naghubad, nandoon na rin lang ang mga damit, hindi man lang ilagay sa hamper. At laging magulo

ang mga damit sa aparador.

"`Yong ilalim ng mga boxes, t'yak na maalikabok. Saka ang kisame, maagiw," aniya.

Tumingala si Carmine. "Not really."

"Marami ring mantsa ang sahig, kailangang matanggal. Pakipasok na lang muna sa kusina ang mga kahon." Hinarap ni Tempe ang kapatid. "Do'n n'yo ilagay sa side ng ref, nilagyan ko na ng space para sa mga `yan. Ayusin mo lang ang lagay para magkasya kasi kung basta mo lang ipapatong at isusuksok do'n, hindi magkakasya."

"Opo." At sa amo. "Siguro naman, Sir, alam mo na kung bakit ako masunurin."

Napangiti si Carmine.

"Hindi ka naman masunurin sa `kin, eh," kontra ni Tempe sa kapatid. "Kung masunurin ka, hindi ko na uulitin ang mga utos ko."

"Oo na." Bumaling si Chato kay Carmine. "Kasi naman, Sir, saan kayo nakakita na pati position ng hanger sa aparador, kailangan pare-pareho, sa loob nakaharap at may color

coding. `Tapos ang mga damit, facing forward naman dapat lahat."

"Alam mo, `wag ka nang dumaldal. Wala tayong matatapos kakaimik mo," ani Tempe sa kakambal.

"Pati ref namin, Sir, may color coding ang mga food containers at ang mga soft drinks at juice, kailangan, nakaharap sa madla ang labels, `pag nakatalikod, may nagwawala dito. Abnormal ang tawag do'n, Sir, `di ba?"

Carmine eyed Tempe. "She looks normal to me." Naglalaro ang ngiti sa mga labi nito. May lalaki pala talagang breathtaking, sa loob-loob niya.

"At alam n'yo pa, Sir, `yong mga figurines sa display cabinet, may X ho sa pinagpapatungan para hindi mabago ang arrangement. At `pag may sore throat `yan, mula gate hanggang likod-bahay, may post-its. Pati mga pagkain sa ref, may memo na nakadikit."

Napahalakhak si Carmine. "Like what?"

"Like, 'Remove and carry your shoes

inside;' 'I'm the shoe rack, I need your shoes;' 'I'm the ref, your dinner is inside;' 'Hi, I'm your dinner, reheat me, failure to do so is hazardous to your health.'"

Lalo nang humalakhak ang boss ni Chato.

"Hindi tayo matatapos, Charity," ani Tempe sa kapatid.

"Let's start," tumatawa pa ring sabi ni Carmine. "Alin ba ang uunahin?"

"`Yong may number one," ani Tempe.

Pagkasabi niya niyon ay parang na-rewind ang tawa nito, umulit at sinabayan naman ni Chato.

Nahanap ni Carmine ang box number one, at tumatawang binasa ang nakasulat doon bukod sa number one. "'Please be careful and gentle with me. Ano'ng laman nito, virgin?'"

Nag-high five ang dalawa.

"Wala ka dito, Sir." Binasa ni Chato ang nakasulat sa isang kahon, "My place is on top because you want me to come off easily."

"That's good advice," sabi ni Carmine,

nagniningning ang mischief sa mga mata. Inusyuso pa ang ibang kahon, napatawa na naman sa nabasa sa isa pang kahon. "I may be old but I still function—occasionally."

Naglalaman iyon ng mga lumang Christmas lights, rechargeable lights, hard disks ng mga lumang PC, et cetera.

"And this box number two—if you open, you will die!" dagdag pa ni Carmine.

Humalukipkip si Tempe. Halos mabalot na ng packaging tape ang kahon dahil naglalaman iyon ng mga diaries niya.

"I wonder what's inside," anang lalaki. "But I don't want to die."

Napangiti si Tempe. "Pakipasok na sa loob para malinis na natin ang sahig."

Nagtulong ang dalawa sa box number one.

"Ang bigat. Ano'ng laman nito?" angal ng mestisong boss.

"Books," sagot ni Tempe habang tila namalik-mata sa mga bumukol na muscles sa bisig nito at balikat, bumakat sa polo. Pati mga ugat sa forearms, naglitawan. "`Daming

books ne'to," comment pa nito.

Sumunod si Tempe sa kusina para matiyak na sa tamang lugar ng mga ito ilalagak iyon.

"Teka lang," awat niya nang ipapatong na ng dalawa ang kahon. "Wawalisan ko muna, may dumi."

Nag-high five ang dalawa. Nag-eye-roll pa si Chato.

"Kunin n'yo na rin `yong next box," utos ni Tempe habang mabilis na winawalisan ang designated area.

"Chat," sabi ni Carmine. "I think I found the perfect bride. I want to marry your sister."

Ano daw?

Speechless ang walis-tambo ni Temperance.

Nag-running man naman si Chato, pasuntok-suntok pa. "Yes! Yes! Yes!"

# Chapter 3

"ONE POINT FIVE M." At fifty percent pa lang iyon ng budget ni Carmine sa pagbili ng bride. Pero siyempre, sinimulan niya ang bargaining sa one million kaya iyon ang halagang sinabi niya kay Chat. Hindi na siya nagulat nang humirit ito ng two M. Nasa loob sila ng opisina sa Alabang, masinsinan ang diskusyon.

"One point five. That's final," sabi niya. Wala siyang balak na sabihing DP lang iyon. Mukhang mangongomisyon sa kapatid si Chat. And truth be told, he was willing to give Tempe much more. She was perfect.

"Medyo… ahmm, alanganin lang ako, Sir," sabi ni Chat. "Sigurado ka ba? I mean,

mahal ko ang kapatid ko, pero kung nagkataon ho na hindi ko `yon kapatid, hindi ko maiisipang ligawan. Kung nakasama n'yo siya mula pagkabata, maiintindihan n'yo ako. At sinisigurado ko, Sir, within a week na kasama n'yo `yon, puputi lahat ang buhok n'yo. Ang sa akin lang, walang bawian `to, Sir, kaya dapat sigurado ka. Saka may kontrata tayo."

Napangiti lang si Carmine. "Of course. But it will be between your sister and me." Hindi maintindihan ni Chat na ang mga "kapintasan" mismo ng kakambal nito ang dahilan kung bakit sa palagay niya ay si Tempe ang nararapat niyang maging maybahay. Nasa salitang "maybahay" mismo ang sagot: bahay. Lagi lang nasa bahay ang babae, hindi interesadong gumimik. Galit sa malls.

Nang una niyang makita ang babae, hindi siya interesado. Inisip pa niyang maid nina Chat ang nagbukas ng pinto. Pero nakita niya ang potential ni Tempe nang ipaghanda sila

ng meryenda. Okay ang turon pero mas okay ang presentasyon. Parang addict kay Martha Stewart. It meant one thing: Tempe would always find something to do inside the house. She would never get bored.

But what really cinched it was the fact that she did not want to drive. Mas gustong maging pasahero. Meaning, hindi interesado sa control. Hindi manghihimasok sa mga desisyon at panukala niya. Tatango na lang at kontento nang mag-eeksperimento sa kusina o magburda, whatever. Mas maaasikaso ang anak nila.

"Ang problema, Sir, parang… ayaw ni Tempe. Hindi niya sineseryoso. Hindi ko pa naman uli nakakausap dahil nagkulong na sa kuwarto, may trabaho pa."

Carmine was also expecting that. No woman in her right mind would readily agree to a marriage of convenience. Sumandal siya sa swivel chair, inunan ang mga kamay. "Half mil for you kung makukumbinsi mo si Tempe."

Napakurap si Chat.

"Consider it your finder's fee," sabi pa ni Carmine. "And I can help you invest some of the money. In a year's time, triple na `yon. I'll also help you be set for life. Brother-in-law kita kung tutuusin, `di ba?"

Tameme pa rin si Chat.

Sumeryoso si Carmine. "Alam ko na hindi puwedeng lagyan ng halaga ang isang tao. Kaya lang, gusto kong makatiyak na papayag si Tempe."

"A-ang sa akin lang, Sir, nagmamalasakit lang ho ako dahil t'yak na sasakit ang ulo mo sa kapatid ko. Baka mamaya, isoli mo. S-Sa totoo lang, Sir, magaan ang pakiramdam ko sa `yo. Kahit ganyan ka kataas at nandito lang ako sa laylayan, hindi mo naman pinaparamdam sa `kin na hampaslupa ako… minsan lang, pero hindi mo naman sinasadya, Sir, alam ko. Kaya nagmamalasakit ako, Sir. Hindi ko alam kung uubra ang kapatid ko sa plano mo. Gusto mo bang umuwi sa bahay na mga post-it ang kausap mo? Hindi man lang

sa Messenger makipag-chat, sa post-it talaga."

"I appreciate your concern, Chat." Umayos siya ng upo, itinaas ang kanang kamay. "I promise, kung magkakataong hindi ko siya kayanin, hindi ko babawiin ang usapan natin. You can keep the money."

Napayuko si Chat. "Baka iniisip mo, Sir, pera lang ang habol ko sa lahat. Totoo naman pero kung concerned ako sa katinuan mo, siyempre, concerned din ako kay Tempe. Kakambal ko `yon, nag-agawan kami ng puwesto sa sinapupunan… Aalagaan mo ba `yon, Sir? Kahit sira-ulo?"

Dumukwang si Carmine sa desk. "I will take care of her. Please help me, Chat."

"Ano ba talaga ang nakita mo kay Tempe?" tanong nito.

"She's… ahmm, different."

"Kasi nga, may topak. Sabi nga ho nina Mama at Papa dati, kumbaga sa produkto, dapat nang i-pull out si Tempe, defective. At alam mo ba ang mangyayari sa `yo `pag pinakasalan mo siya?"

Nagkibit si Carmine ng mga balikat.

"Kaya n'yo bang i-spell ang Mississippi na walang 'I'?" tanong ni Chat.

"I can't even spell it with an 'I'."

"`Yan ang point ko, Sir. `Yong ibang babae, mahirap nang ispelengin, paano pa `yong kulang-kulang?"

Napailing si Carmine na napapatawa. "I appreciate the concern, Chat, I really do. But I still think your sister is a perfect fit. Imagine the order she'd bring to my chaotic life?" He grinned.

"Baka pati noo n'yo, dikitan ng post-it."

Natawa na si Carmine nang tuluyan nang ma-imagine ang sinabi ni Chat. Kung lalagyan ni Tempe ng memo ang noo niya, ano kaya ang nakasulat? 'I am your head, use me.' Or 'Deflate regularly.'

That would be absolutely amusing.

"Your sister makes me laugh," sabi niya kay Chat. It was true. That woman could be amusing. At kung tutuusin naman, she was also not bad looking. Magdadalawang-isip pa

siya kung physically ay may kapintasan ang babae. Pero maliban sa nakakalimutang magsuklay, wala namang diperensiya ang pangangatawan, kutis, at sukat. Kaya masasabi niya na pagdating sa genes, gifted din ang babae. Idagdag pa iyong naikuwento ni Chat tungkol sa mga lola ng mga ito—may longevity genes.

Kaya wala siyang kadudad-duda na si Tempe ang hinahanap niyang maybahay.

"Tutulungan mo na ba ako?" tanong niya kay Chat.

"Wala naman akong magagawa sa gusto mo, `wag mo lang sabihin na hindi kita binalaan."

Ganoon na lang ang ngisi ni Carmine. "Walang sisihan, I get it. Thanks."

"GALING AKO SA BANGKO," sabi ni Tempe pagpasok na pagpasok ni Chato sa bahay. Inaabangan talaga niya ito.

"Nakausap mo si Teruel?" tanong nito, ang tinutukoy ay iyong manager ng bangko na

kumpare ng kanilang papa. Alam ni Chato na balak talaga niya iyong kausapin hinggil sa estado ng utang nila. For foreclosure na ang tanging ari-arian sa Mindoro na pamana sa kanila ng mga magulang nila. Ang masaklap doon, ura-uradang ipinangalan ng magulang nila sa kanila ni Charity ang ari-arian at bigla namang kinailangang operahan iyong isang kapatid ng kanilang mama. Kidney transplant. Para madugtungan ang buhay ng kapatid, naisangla ang kapirasong lupa. At dahil nakapangalan sa kanila ni Chato, sila ang nag-apply ng loan. Sila ang may utang. May nakuha naman silang pera galing sa insurance nang maaksidente ang mga magulang nila, kaso nagpanukala si Chato na huwag nilang ibayad agad sa utang lahat. Palalaguin daw nila. Bilang mas matanda raw ito nang six minutes sa kanya, ito ang nasunod. Nagnegosyo ng buy-and-sell ng mga sasakyan. Surprise! Lugi. At umaani ng interes ang utang nila.

"Hindi. Pero wala na tayong utang. May

kinalaman ka ba?" aniya. Pagdating niya sa bangko ay magiliw na magiliw siyang inasikaso ng loan officer samantalang dati-rati ay pinagtataguan siya dahil alam na makikipagdebate siya hinggil sa pagkakautang nila.

"Paanong kinalaman?" Naupo si Chat sa sofa, sinimulang hubarin ang sapatos.

"Ang sapatos mo, `wag mong iwan d'yan," paalala ni Tempe. Kapag hindi niya ginawa iyon, doon na magpapalipas ng gabi ang sapatos at medyas.

"Paano tayo nawalan ng utang?" Ipinatong ni Chato ang sapatos sa kandong-kandong na laptop bag. "Eh, di mabuti `yon."

"Hindi. Sino ang nagbayad? Ayaw sabihin sa `kin. Puwede ba `yon? Anonymous daw. Kaya tinatanong kita ngayon kung may alam ka, kasi babalik ako bukas at hindi puwedeng hindi nila sabihin sa `kin. Magsasama ako ng lawyer."

Kumunot ang noo ni Chato. "As in, wala na tayong utang? Fully paid?"

Sunod-sunod ang tango ni Tempe. “Ano’ng nalalaman mo?” Halata niyang may naiisip ang kapatid.

“Baka si Sir.”

Napamata si Tempe. “Si Carmine?”

Tumingin nang deretso sa kanya ang kapatid. “Eh, `di ba nga `yong sinasabi ko sa `yo kagabi? Seryoso `yon, gusto ka talagang pakasalan. Naghahanap ng asawa at ikaw ang napili. One point five M para sa `yo kung tatanggapin mo. May house and lot ka pa, allowance, pakotse, organic na mushroom ang kakainin mo. Ang yaman no’n, Tempe. Kung ako ikaw, papayag na ako. Guwapo naman din, magiging biyenan mo pa `yong supermodel.”

Gilalas si Temperance. At kinilig.

“Pero teka. Bakit niya babayaran ang utang natin? At paano niya nalaman? Nabanggit mo ba? Nangutang ka ba sa kanya?”

Umiling si Chato. “Bawal kamong mangutang, lalo na kung may utang pa tayo.”

“Paano niya nalaman?”

"Baka nag-research."

"Bakit niya gagawin `yon?"

"Gusto ka nga niyang pakasalan. Wala lang time manligaw kaya pera-pera na lang."

Gaya noong marinig niya iyon kay Carmine, natulala si Tempe.

"Hindi siya nagbibiro kahapon, Tempe. Seryoso si Sir. Type ka niya at gusto ka niyang maging maybahay."

`Sabagay, may hitsura naman ako.

"Pero—"

"One point five M, Tempe. One point five. Sabihin mo nang may inflation, pero sa panahong ito, saan ka makakakuha ng isa't kalahating milyon nang ganoon kadali? At daig mo pa ang may regular job dahil libre bahay, libre sasakyan. May health insurance ka pa. Financially secured ka na agad."

One point five M, para mapangasawa siya? Sobra namang magka-crush ang lalaking iyon. Parang mali. Something was fishy.

"Ba't hindi siya manligaw, mas tipid?" tanong niya.

"Hindi `yon marunong manligaw. `Pag gusto niya, gusto niya. Ewan."

"Hindi siya marunong o ayaw niya?" aniya.

"Ewan ko nga, naguguluhan din ako. Dati kasi, before kami nagpunta dito, maghahanap kami ng mapapangasawa niya sa Planetarium."

"May sayad ang boss mo," konklusyon ni Tempe.

"Bagay kayo," ani Chato.

Naghahanap ng pakakasalan sa Planetarium? Anong klaseng topak iyon? "Ano'ng hinahanap niya, alien?" aniya.

"Siguro. Kaya no'ng nakita ka, natuwa."

"Tigilan mo nga ako!" saway niya sa kapatid. "Seryoso ito. You're saying na nagka-crush siya sa akin at dahil doon, nagbayad siya ng three hundred thousand something sa bangko, which is maliit pang halaga kumpara sa inaalok niya sa `kin?"

Tumango si Chato. "Nilagyan mo yata ng gayuma ang turon."

"Hindi ka nagdududa?" aniya.

"Ano ang ikakaduda ko? Ganoon talaga `yon. Palibhasa, super yaman, eccentric. Kung tutuusin, Tempe, bagay talaga kayo. Kaya lang kawawa ang magiging anak n'yo, ang daming mamanahing topak."

One point five M para sagutin niya at pakasalan. Iyon ang summary ng sinasabi ni Chato.

"My God!" bulalas niya.

"Bakit?"

"He's trying to buy me! Ano'ng tingin niya sa sarili niya, hari ng Arabya? Sultan ng Brunei?"

Ang totoo, crush niya si Carmine. It was something na inevitable once you met him. Tinanggap lang niya as normal and natural, hindi dapat problemahin o ikapuyat.

But the idea that the guy wanted to buy her as his bride… it was disgusting.

"Hindi naman siguro. Desperado lang `yon."

Hindi uubra sa kanya ang paliwanag na

iyon.

"Isipin mo nga! Gamitin mo'ng utak mo kahit ngayon lang. Naghahanap na talaga siya ng mapapangasawa bago pa niya ako na-meet. May premeditated ba na pag-aasawa? Hindi ba, nangyayari talaga `yon ng kusa? Kadalasan, hindi inaasahan na matatagpuan natin ang para sa `tin. `Yong si Carmine, parang naka-program, parang may timetable. At bakit ako? I mean, let's face it, maski nga si Alimuom d'yan sa tapat, hindi daw ako type."

Napatawa si Chato. "Mabuti alam mo."

"Kaya nga. So ano ang naisipan ng boss mo at gusto akong idambana?"

"Kayo kaya ang mag-usap?"

"Talagang kakausapin ko siya." Kung si Carmine ang nagbayad ng utang nila sa bangko, kailangan nilang magkaliwanagan. "Ano'ng number no'n? Akin na." Kinuha niya sa tray na kawayan ang cell phone. Doon lang niya inilalagay ang cell phones nila. Katabi niyon ang bowl na kawayan din, nandoon naman ang mga charger.

"Hindi mo siya puwedeng tawagan ngayon," angal ni Chato.

"At bakit hindi?"

"Nagyo-yoga `yon."

"Yoga?" As in?

"Nagyo-yoga si Sir `pag ganitong oras. Importante ang inner peace. Mamaya mo na tawagan, mga ten."

"Tulog na ko no'n." Eight o'clock ng gabi ang bedtime niya simula nang maulila sila. Hindi nagbabago iyon, kesehodang Christmas Eve o New Year's Eve. Dahil wala naman silang ka-noche buena at media noche. May mga tita sila na nag-iimbita pero mas mabuti pa na hindi paunlakan. Hindi siya nasisiyahan sa company ng mga relatives nila.

"De bukas na," sabi ni Chato.

"Marami akong trabaho bukas, maaabala ako. Ngayon na."

"Baka magalit."

"Nagyo-yoga siya, wala siyang karapatang uminit ang ulo. Akin na ang number." Atat na

siyang makausap si Carmine dahil ayaw niyang lumipas ang momentum. Kapag ipinagpabukas niya ang pagtawag, baka hindi na niya magawa at maunahan siya ng hiya.

Nang ma-realize niya na mahiyain siya, pinag-aralan niyang umaksiyon during momentum, dahil sa ganoon lang niya magagawa ang mga dapat gawin. Kapag nag-isip pa siya, mangingibabaw na ang hiya, siya mismo ang kokontra sa sarili. Nasasabihan siya na padalos-dalos at hindi nag-iisip when in fact, she was just trying to conquer her shyness.

"Akin na ang number." Isinahod niya ang kamay.+

"Cell ko na lang ang gamitin mo. Boss ang nakalagay." Iniabot ni Chato sa kanya ang cell phone. "`Pag patay ang cell, sa landline. Nasa bahay `yan. Boss House."

Nanginginig ang hinlalaki ni Tempe sa pagdayal, pero kung bukas pa siya tatawag, tiyak, hindi lang siya manginginig, she'd be paralyzed.